# *Mga Hebreo, Ikaanim Na Kabanata* [3]

Magandang umaga, mga kaibigan. Isang pribilehiyo ang makaparito ngayon. At—at para matupad ang sinasabi ng ating pastor sa kanyang napakainam na pambungad ay dapat nga naman talagang makita ito sa buhay, hindi po ba? Kaya ating pinapupurihan ang Panginoon sa lahat ng Kanyang dakilang kapangyarihan ng pagpapagaling at sa Kanyang mga kaawaan na ipinagkakaloob Niya sa atin sa mga taon na nagdaan.

Ngayon may ilan akong nais ipabatid. Una, kami, nina Kapatid na Wood at Kapatid na Roberson, kami nga po'y nagpapasalamat sa inyong lahat na nanalangin para sa amin, na maging ligtas ang aming paglalakbay. Naging napakainam ng aming pagbiyahe; apat at kalahating araw, po 'yun, at ligtas nga po kaming nakabalik. Pinagpala nga kami ng Panginoon.

506 Ngayon, lagi nating ipinababatid dito 'yung tungkol kay Kapatid na Graham Snelling, 'yung kanyang rebaybal, tuloy-tuloy po 'yun, doon sa—sa may dulo ng Brigham Avenue, sa . . . mismong bayan. At nitong darating na Miyerkules ng gabi . . . Ako nga po'y may lakad bukas, pagkatapos kong dumalo sa isang gawaing paglilibing na ipababatid ko sa ilang saglit. Sa Miyerkules na ng gabi namin sa inyo ipapaalam. Hangad kasi naming magpunta bilang isang delegasyon, lahat tayo, upang madalaw naman natin si Kapatid na Graham bago magtapos ang kanyang gawain doon. At sisikapin natin na lahat tayo rito sa iglesya ay sama-samang makapunta roon, kung maaari, at isang delegasyon tayong pupunta roon, upang samahan si Kapatid na Graham sa isa sa kanyang mga gawain.

507 At, ngayon, mamayang hapon dito sa—sa may punerarya sa Charlestown, si—si Gng. Colvin po, na dating dumadalo rito sa simbahan maraming taon na ang nakalipas, pitumpu't apat na taong gulang, nilisan na niya ang buhay rito sa lupa kahapon upang makapiling na ang Panginoong Jesus. At mangangaral sa libing niya sa Lunes, si Reverend G. McKinney, na, dating, nagpa-pastor dito sa iglesyang Methodist sa—sa Port Fulton sa loob ng maraming taon, na personal nilang kaibigan. At tutulong ako sa kanya, Lunes, at ang oras, sa palagay ko'y ala una y media, dito sa—sa kapilya sa Charlestown, Indiana. At sa lahat ng mga kaibigan ng pamilya Colvin, natitiyak kong, ikalulugod nila ang kaunting pakikiramay na magpapalakas ng kanilang loob o kahit . . . kaunting pakikipagkamay. Alam nga nating lahat ang pakiramdam nun, lalo na sa mga dumaan na sa gayong

kalagayan, sa libis ngang iyon, mismo, at naranasan na kung ano ang pakiramdam ng mawalan ng isang kaibigan. At kaya ating. . .Nakahimlay siya ngayon doon sa—sa kapilya, dito sa Charlestown, Indiana. Kung makapupunta po kayo mamayang hapon, siguradong, ikalulugod 'yun ng pamilya Colvin, tiyak po 'yan. Marami sa mga kamag-anak nila ang nakadalo na sa tabernakulo. Kinasal, inilibing, binautismuhan, halos buong, pamilya nila, mula sa pinakabata hanggang sa pinakamatanda. At si G. Grayson, na naging kapitbahay natin dito noon, ang nag-aasikaso ngayon sa punerarya.

508 At, mamayang gabi, kung loloobin ng Panginoon, kung saan tayo hihinto ngayong umaga, sisikapin nating ituloy 'yun mamayang gabi, dito sa dakilang pag-aaral na pinag-aaralan natin ngayon. At siguro'y 'yun na marahil ang lahat ng mga pabatid, sa—sa aking—aking palagay. At sa darating nga pong Miyerkules ng gabi, doon, namin ipaaalam sa gabing 'yan kung makapupunta tayo upang samahan si Kapatid na Graham.

509 At malugod naming tinatanggap ang lahat ng mga baguhan sa aming mga pintuan. At nagagalak kaming makasama namin kayo sa umagang ito, at idinadalangin naming ang Diyos ay lubusan, at masagana, kayong pagpalain sa pagtitipong ito.

510 Ipinasasabi sa akin ni Kapatid na Cox na 'yung mga ispiker natin sa labas ay hindi na gumagana nang maayos sa mga oras na ito. Siguro'y, dahil na rin sa klima, nahamugan 'yung mga ispiker natin doon. At hindi na rin kasi ganoong kaganda 'yung mga 'yun, hayan nga po, kaya 'yun din siguro ang dahilan.

511 Napansin ko ang isang kapatid na babaing nakaupo rito na kakilala ko, si Kapatid na babaing Arganbright, ano po. . . Siguro hindi ito ang—ang tamang lugar, para tanungin ito, pero may balita na po ba kayo mula kay Kapatid na lalaking Arganbright mula noong lumuwas siya? Nasasabik na akong makarinig ng balita mula sa kanya. Naroon siya sa Switzerland at Alemanya ngayon, sa isang pagtitipon doon kasama sina Kapatid na Tommy Hicks at Paul Cain. Kung may balita na po kayo, Kapatid na Ruth, ipaalam n'yo lang sa akin kaagad-agad, sa abot ng makakaya n'yo.

512 Ngayon, dito sa tabernakulo ay wala tayong pagpapamiyembro, pero mayroon tayong pagbubuklod-buklod sa isa't isa. Wala tayong ibang kredo kundi si Cristo, walang ibang utos kundi pag-ibig, walang ibang aklat kundi ang Biblia. Iyon lamang ang tanging Aklat na alam natin, at ang tanging bagay na nalalaman natin, na mayroon tayo. Sapagkat nililinis tayo ng Dugo ni Jesus Cristo sa lahat ng mga kasalanan, mayroon tayong pagbubuklod-buklod sa isa't isa, sa lahat.

513 Napansin ko nga, ngayong umaga, may nagtataka siguro sa inyo sa kapatid na narinig n'yong nanalangin kanina. Isa nga siyang Katoliko, noon, isang dating Katoliko. At marami pong

iba't ibang uri ng mga taong nagsisidalo rito. Nagkaroon nga ako ng pagkakataon, kanina, na makamayan ang isang kapatid na Mennonite na nakaupo rito. At may mga galing nga ng Mennonite, ng Methodist, ng Baptist, ng Katoliko, basta't ibig nila, hinahayaan natin silang dumalo. At nagbubuklod-buklod tayo sa palibot ng mga pagpapala ng Salita ng Diyos. Nariyan ngang nakaupo ang isang Saksi ni Jehovah at iba't ibang uri ng mga tao, hayan nga, mula sa iba't ibang denominasyon.

514 Gustung-gusto ko noon (buweno, kahit mapasa hanggang ngayon) ang Kanluran. Gustung-gusto ko 'yung mga kabayo at mga baka. Ako nga'y laking bukid, at gustung-gusto ko—gusto ko talaga 'yun. At sa tuwing titipunin namin 'yung mga hayop, sumasama ako roon. At naglalagay kami ng pangharang na bakod. Hindi ko alam kung alam ba ng mga narito ngayon na taga-Silangan kung para saan 'yung pangharang na bakod, o hindi. Ginagamit 'yun kapag pinapastol namin pansamantala 'yung mga baka sa—sa talahiban, nilalagay namin 'yung bakod na 'yun para hindi mangibang-rantso 'yung mga baka gaya nga ng sabi nila, hanggang sa ibalik na namin sila sa rantso. Yung mga damo muna roon ang kinakain nila, habang pinapatubo pa 'yung damo sa rantso para preparasyon sa taglamig. At maging doon sa kabundukan, naglalagay din sila nitong pangharang na bakod, para maibukod nila sa karamihan 'yung babae dun sa lalaki, at para sa iba pang bagay. Pangharang na bakod ang tawag dun. Pero doon sa pinakabakod nun pumupuwesto 'yung rantsero kapag pumapasok na ang mga baka.

515 At naranasan ko nang pumuwesto roon, maraming beses na nga, sakay sa isang kabayo, at binabantayan ang mga baka sa pagpasok nila. Iba't ibang hero ng baka ang pumapasok doon. Yung iba pa-"Diamond." At may ilan sa kanila pa-"Bar X." At may iba . . . 'yung sa amin pa-"Tripod," kahugis nung sagisag ng Boy Scout. Yung kasunod naman, sa likuran, parang "Bakas ng Paa ng Pabo," 'yung nakamarka sa kabayo. At iba't ibang hero nga ang nakamarka sa kanila, para—para palatandaan na sa kanila 'yung baka kapag pinalalabas ang mga 'yun.

516 Ngayon, hindi masyadong pinagtutuunan ng pansin nung rantsero kung anong hero ang nakamarka sa mga baka, pero heto ang kapansin-pansin diyan, nakatuon ang pansin nung rantsero sa pagbabantay sa etiketang nakakabit sa kanilang tainga. Ang lahat kasi ng pumapasok doon, kahit na ano pang hero ang nakamarka sa kanila, ay kinakailangan ngang isang purong lahing Hereford. Hindi makakapasok ang isang baka dun maliban na isa 'yung Hereford. Kinakailangang rehistrado ang baka kundi ay hindi 'yun makakapasok.

517 Naisip ko, sa araw na 'yan ng pagdating ng Panginoon, hindi Niya papansinin kung anong hero ang suot-suot natin, kundi kung tayo bang lahat ay mga Cristianong naipanganak nang muli. Siyanga. Iyan ang kawan ni Cristo. Patutunayan tayo

sa pamamagitan ng Dugo, na mga Cristiano tayong lahat. At kung ganoon nga ang magiging kalagayan natin sa dakong *iyon*, maiging maging gayon na rin tayo rito ngayon. Ano pong palagay n'yo? Dahil nga riyan, ikinalulugod nating makasama ang lahat ng mula sa lahat ng iba't ibang iglesya.

518 Ngayon atin ngang pinag-aaralan ang banal na Aklat ng Mga Hebreo. Isang kapatid na lalaki natin ang nasiyahan nang husto kaya't kumuha siya ng mga teyp nun at gumagawa siya ngayon ng isang aklat ng mga aralin tungkol dito.

519 Ngayon papalapit na tayo, malapit na, sa ika-11 kabanata. Inaasahan nating gugugulin natin ang taglamig sa kabanatang 'yan, sa ika-11 kabanata. At sa bawat tauhang naroon, gusto nating balikan sila sa buong Aklat dito at paglakip-lakipin ang buong Kasulatan. Gagawin ko nga 'yan. Nagawa ko na 'yan, sa ilan sa, sa mga naunang kabanata, para mapaglakip-lakip ang buong Aklat. Hayan nga't, nakita n'yo, kinakailangan kasing patunayan ng Kasulatan ang Kasulatan.

520 Kaya, kung may anumang pagsasalungatan, na iisipin ng sinuman na may pagsasalungatan ang mga Kasulatan sa isa't isa, mali 'yun. Walang Kasulatan na sumasalungat sa isang Kasulatan. Ang—ang pagsasalungatan ay naroon marahil sa pagsalungat Nito sa paraan ng pagtingin natin Dito, subalit hindi Nito sasalungatin ang sarili Nito. Nasa pagmi-ministeryo na ako, nang mag-dadalawampu't anim na taon na ngayon, at hindi pa ako kailanman, ni minsan, nakasumpong ng isa mang bagay rito sa Biblia na sumasalungat sa iba pang nakasulat sa Biblia. At alam ko—alam ko ngang walang ganun.

521 At ngayon pag-aaralan natin ang isa sa pinaka pinagpalang kabanata ng Mga Hebreo, ang ika-7 kabanata. At kung may sinuman diyan na walang Biblia, na nais sundan tayo sa mga pagbabasa, ikinagagalak naming dalhan kayo ng Biblia kung itataas lamang n'yo ang inyong kamay. Papupuntahin ko ang ilan sa mga matatanda sa iglesya, sige po, narito at kumuha kayo ng ilan. May mga nagtataas ng kanilang kamay sa likod. At salamat, kapatid. At kung nais n'yo ng Biblia, itaas lamang n'yo ang inyong kamay, at dadalhin nila ito sa inyo.

522 Ngayon, ang tanging paraan upang maitayo ang isang iglesya, ang tanging paraan upang magkaroon ang isang tao ng Pananampalataya, ay hindi dapat sa pamamagitan ng kanyang denominasyon, hindi sa pamamagitan ng kanyang pakikianib. Bagkus ang Pananampalataya niya ay nakasandig hindi dun sa teolohiya ng mga ideya ng kung sinong tao, 'pagkat ito'y, kung ganun lang din, tao't tao lang. Hayan nga't ang tanging paraan upang masumpungan ng Pananampalataya ang taimtim nitong dakong pahingahan, ay dumako lamang sa ibabaw ng matatag at di-nagbabagong Salita ng Diyos. "Ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig, at pakikinig sa Salita." Iyan ang

kailangan. At—at kapag ang Pananampalataya ay narinig at natanggap na, magpakailanman na itong matatag. Wala nang makatitinag pa rito, kahit ano pang dumating o lumipas. Wala nang makapagpapabago pa sa Pananampalatayang iyon. Isipin n'yo 'yun. Nakaangkla na kayo, at wala na ngang makapagpapabago pa nito, sa panahon at Walang Hanggan. Nakaangkla na talaga kayo magpakailanman, "Sapagkat ang Diyos, sa pamamagitan ng isang hain, ay pinasakdal magpakailanman ang mga pinapagiging-banal, o tinawag."

523 At ang Pananampalataya ay may napakadakilang lugar sa Cristiano, sa buhay ng mananampalataya, na makatatayo ito sa tabi ng isang maputik na libingan o sa isang kabaong, kung saan ang isang pinakamamamahal na sanggol o isang iniirog ay lumipat na mula sa buhay na ito patungo sa kabilang ibayo. At sa isang maigting na titig ng mata ng agila, ay makatitingin sa Kanya na nagwikang, "Ako ang Muling Pagkabuhay at ang Buhay." At makakalimutan na nila ang mga nakalipas ng bagay. Nagtutumulin sila sa hangganan ng dakilang pagtawag.

524 Lubos akong nagagalak na nagkaloob ang Diyos ng gayon, at ginawa itong isang kaloob na libre para sa lahat. Ganyan dapat ang mga iglesya. *Ang mga iglesya* ay hindi yaong mga denominasyon o mga organisasyon; ang iglesya'y, "Mga kalipunan ng tao, ng mga mananampalataya, na nagkakatipun-tipon sa ilalim ng pagbubuklod sa Salita."

525 At dito sa kahanga-hangang turo rito ni San Pablo, sa mga natalakay natin nung nakaraan, sa mga naunang kabanata, malinaw niyang tinalakay ang pinakamataas na Pagka-Diyos ng Panginoong Jesus at kung sino Siya. Si Cristo ay ang Diyos, na ginawang gayon upang madama Siya at mahawakan Siya ng mga tao, at—at makasama Siya. Si Cristo, ang Panginoong Jesus, ay ang katawan na pinanahanan ng Diyos, "Ang Diyos ay nagkatawang-tao at tumahan sa gitna natin." Unang Timoteo 3:16, "Walang pagtatalo dakila ang hiwaga ng kabanalan, sapagkat ang Diyos ay nahayag sa laman."

526 Ang dakilang Jehovah ay bumaba at pinaging nahihipo, sa pamamagitan ng pananahan sa katawan ng Kanyang Sariling Anak, na ipinapahayag at ipinakikipagkasundo ang sanlibutan sa Kanyang Sarili. Ang Diyos ay hindi. . . Si Cristo ay hindi iba sa Diyos, at—at ang Diyos ay hindi iba kay Cristo. Ang dalawa na pinagsama ang bumuo sa pagka-Diyos sa kahayagan ayon sa laman, ginawang mababa nang kaunti kaysa mga Anghel, upang Siya ay magbata ng hirap. Hindi maaaring magbata ng hirap ang mga Anghel. Si Jesus ang Tabernakulo na pinanahanan ng Diyos.

527 Sinabi ng Biblia, sa ika-7 kabanata ng Mga Gawa ng mga Apostol, na "Patungkol sa tabernakulo, at susunuging. . . hain at mga handog na susunugin ay hindi Mo ibig, ngunit isang

katawan ang sa Akin ay inihanda Mo. Bagamat ang Kataas-taasa'y hindi tumatahan sa mga tabernakulong gawa ng mga kamay; ngunit isang katawan ang sa Akin ay inihanda Mo," na sa pananahan o paglukob ay magkakaroon ng pakikisama sa tao.

528 Kung ipapahintulot ng Diyos, pagkatapos na pagkatapos natin sa kabanatang ito rito, o matapos ang Aklat na ito, ating babalikan at tatalakayin ang Aklat ni Ruth at ipakikita roon kung paanong naging kamag-anak natin ang Diyos, na ipinagkakasundo ang mga naligaw pabalik sa Kanya sa pamamagitan ng pakikisama at pagiging isa sa atin. Kailangan kasing ang Manunubos ay maging kamag-anak, at ang tanging paraaan upang ang Diyos ay maging kamag-anak natin, ay maging isa sa atin. Kaya nga, hindi Siya maaaring maging isang Anghel at maging kamag-anak ng tao.

529 Kagabi nung kau-kausap ko ang isang lalaking lipos ng pagdadalamhati, isang kasamahan, anak nitong nanay rito na kamamatay lang, sabi, "Oh Kapatid na Bill, sa palagay ko'y isa na siyang Anghel ngayong gabi."

530 Sabi ko, "Hindi, Earl. Hindi siya kailanman magiging isang Anghel. Isa siyang babae ngayong gabi, isa ngang tao, gaya ng pagkakalikha sa kanya ng Diyos, at magiging gayon sa tuwina, hindi kailanman magiging isang Anghel." Lumikha ang Diyos ng mga Anghel. Hindi Niya ginawang Anghel ang mga tao. Ang nilikha Niya ay mga Anghel *at* mga tao. Kaya hindi maaaring ang mga tao ay Anghel, at ang mga Anghel ay tao. Ginawa silang magkaiba ng Diyos.

531 Ngayon, hayan nga't si Cristo ay nagkatawang-tao upang tubusin ang tao mula sa kalunos-lunos na ibayo kung saan sila nahulog, at yaon ngang walang kamatayan ay bumaba dahil sa kasalanan, ang Diyos ay bumaba at nag-anyo sa hugis ng tao, at naging kamag-anak natin, upang pasanin Niya ang ating mga kasalanan at ang ating kamatayan.

532 At dun sa isa sa mga paglalarawang ginamit natin, sa mga nakaraang pag-aaral; siguro'y magpapahapyaw lang tayo rito nang kaunti upang makasunod ang mga ngayon lang nakadalo. Ang Diyos, sa Kanyang paglakad patungong Kalbaryo, habang papalapit nang papalapit sa Kanya ang tibo ng kamatayan, at bumubulong-bulong sa palibot Niya, at hayan na nga't tinusok na Siya nito hanggang sa tuluyan na Siyang namatay. Siya'y namatay hanggang sa huminto na tuloy ang araw sa pagsinag. Siya'y namatay hanggang sa umayaw na tuloy sa pagbibigay liwanag ang buwan at ang mga bituwin.

533 Hayan nga't, papaano Niyang magagawa ang gayon, ang maitusok ang tibo ng kamatayan! Kung Siya'y naging tao na hindi namamatay, kung siya'y nasa katayuang theophany, o nasa katayuang espiritu, hindi magagawa ng kamatayan ang gayon. Kinailangan nga Niyang maging laman, upang mapasa Kanya

ang tibo ng kamatayan. Hayan nga't kung ang isang bubuyog o insektong may panibo, ay minsang manusok nang malalim, hindi na ito muli pang manunusok. Maiiwan nito ang kanyang tibo sa laman. At ganoon ang nangyari kay Cristo na-. . . o nangyari sa Diyos. Nanahan si Cristo sa laman, upang Kanyang maitusok sa Sarili Niyang laman ang tibo ng kamatayan. At noong lumipad na palayo ang kamatayan mula roon sa Kanya sa krus, naiwan nito ang tibo nito, hindi na ito makapaninibo pa ng isang mananampalataya. Marahil huhugong-hugong na lang siya, bubulong-bulong at makakapanakot, subalit hindi na ito makapaninibo pa. Wala na itong tibo.

534 Ang dakilang si San Pablo, sa pagmartsa niya sa kanyang kamatayan, sumigaw siya at nagsabi, "Oh kamatayan, saan naroon ang iyong tibo? At libingan, saan naroon ang iyong pagtatagumpay? Datapuwat salamat sa Diyos Na nagbigay sa atin ng pagtatagumpay sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesus Cristo, sapagkat kapuwa ang kamatayan at libingan ay nawalan na ng kapangyarihan."

535 Ngayon, nito ngang, nakaraang Linggo ay natalakay natin, "Tumigil na ng pagsasalita ng mga unang simulain ng aral ni Cristo," sa ika-6 na kabanata, nabasa natin ang ganito, "tayo'y mangagpatuloy sa kasakdalan." At natuklasan natin na ang mga nagsisidalo ngayon sa iba't ibang kaiglesyahan, kasama na ang Branham tabernacle at iba pa, masyado tayong lumalagi sa pag-aaral tungkol sa mga simulain ng aral ni Cristo: Siya ang Anak ni Abraham, Siya ang Anak ni—ni *Ganito-at-ganoon*, at tutugaygayin, hanggang sa pinaka ninuno. Subalit ang sabi ng Biblia, "Isantabi na natin ang mga bagay na gaya nito, at mangagpatuloy na sa kasakdalan."

536 Una sa lahat kailangan n'yo munang alamin ang unang simulain ng aral, at kailangan n'yo ring malaman ang lahat ng iba pang bagay na gaya nito; at pagkatapos ay ilagay natin sa isang tabi ang mga ito, gaya ng sinabi niya, itong pagkabuhay na mag-uli ng mga patay, pagpapatong ng mga kamay, mga bautismo, at lahat ng mga patay na aral patungkol sa Diyos. Hayan nga't, wala—wala roon ang Buhay. Subalit ang iglesya ng kasalukuyang panahon ay nakatuon doon at naglulumagi sa mga gayong bagay, "Oh, naniniwala kami sa pagka-Diyos ni Cristo." Oo. Mainam 'yan. "Naniniwala kami sa bautismo sa tubig." Oo. Mainam 'yan. "Pagpapatong ng mga kamay."

537 Ang sabi nga ni Pablo, "Ating gagawin lahat ng ito kung ipahihintulot ng Diyos. Ngunit sa kabila ng lahat ng 'yan, itabi na natin ito ngayon, at tayo'y mangagpatuloy sa kasakdalan."

538 Ngayon, hindi nga masasakdal ng mga organisasyon ang iglesya. Dahil nga riyan ay napapalayo ito sa Diyos, sa tuwina, o napapalayo tayo sa isa't isa. Naglalagay tayo ng mga harang, inihihiwalay natin ang ating mga sarili, na para bang wala

tayong Pananampalataya. Subalit kung iiwan natin ang mga unang simulain ng aral, sa ating pagpapatuloy sa kasakdalan, kung magkagayon ang mga mumunting bagay na gaya nito ay hindi na masyadong mahalaga.

539 Sa pagpasok natin sa pakikipagrelasyon, natuklasan nating ang tanging paraan upang masakdal tayo ay ang mapasa kay Cristo. At nalaman natin pagkatapos, sa pamamagitan ng mga turo ng Biblia, kung papaano tayo makapapasok kay Cristo; hindi nga sa pamamagitan ng bautismo sa tubig, hindi nga sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, hindi nga sa pamamagitan ng turo. "Sapagkat sa isang Espiritu ay binabautismuhan tayong lahat sa isang Katawan at pinaging sakdal sa pamamagitan ng Kanyang paghihirap." Hayan nga't, iba na ang itsura natin. Iba na ang isip natin. Iba na ang kilos natin. Iba na ang pamumuhay natin. Hindi nga dahil sa isang tungkulin 'yun o kaanib tayo sa iglesya, kundi dahil sa "ang pag-ibig ng Diyos ay nabuhos sa ating mga puso sa pamamagitan ng Espiritu Santo," na sadyang ginawa tayong magka-kababayan sa Kaharian ng Diyos, na dahil din diyan ay wala nang denominasyon o mga harang pa. Tayong lahat ay isa nang dakilang Katawan.

540 Ngayon humanda na po tayong simulan ang ating aralin sa umagang ito, sa ilang saglit. Isa munang bagay ang nais kong basahin, dito, dito sa, ipinangungusap ni Pablo sa Aklat, sa ika-7, o, sa ika-6 na kabanata, natuklasan natin dito na pinasakdal na tayo kay Cristo. Pagkatapos sa ika-13 talata ng ika-6 na kabanata, kaunti munang pagbabalik tanaw.

> *Sapagka't nang mangako ang Dios kay Abraham, palibhasa'y hindi niya maipanumpa ang anomang lalong mataas, ay ipinanumpa ang kaniyang sarili,*

Nanumpa ang Diyos sa Kanyang Sarili, sapagkat hindi Siya makapanunumpa sa sinumang lalong mataas pa.

541 Ngayon balikan naman natin ito. Tunghayan natin ang Mga Taga-Galacia nang ilang sandali. Bumuklat tayo sa Aklat ng Mga Taga-Galacia, at hanapin ang Mga Taga-Galacia 3:16. At mababasa nga natin dito, kung ano ang ipinanumpa Niya.

> *Ngayon kay Abraham nga sinabi ang* pangako *at sa kaniyang binhi. Hindi sinasabi ng Dios, At sa mga binhi, na gaya baga sa marami; kundi gaya sa iisa lamang, . . .* sa *binhi, na si Cristo.*

542 Ngayon kung mapapansin n'yo, tunghayan n'yong maigi, habang binabasa n'yo.

> *. . . kay Abraham nga sinabi ang mga pangako* (maramihan) *at sa kaniyang binhi* (isahan).

543 "Kay Abraham at sa kanyang Binhi." Ngayon, ang Binhi ni Abraham ay isa, si Cristo; sa una nitong paglalarawan, si Isaac.

Pero hayan nga't marami namang naging anak si Abraham. Nagkaroon pa nga siya ng anak bago pa niya naging anak si Isaac, na dulot ng pagkakamali ng di pagsampalataya ni Sarah na nagnais na si Hannah na lang ang magdalang-tao, iniisip na napakatanda na raw niya kasi, at napangunahan tuloy ang Diyos at nakagawa ng pamamaraang iba sa ipinangako Niyang paraan ng pagsasagawa nito.

544 Gayumpaman tinutupad ng Diyos ang Kanyang pangako. Kahit gaano pa itong hindi makatuwiran, obligado ang Diyos sa Kanyang pangako. Hayan nga't naisip ni Sarah na marahil maaaring si Hannah na lang, o si Hagar, pala, na katulong niya, ang magsisilang ng sanggol kay Abraham, at kukunin niya ang bata. At si Ismael nga ito, na naging tinik tuloy sa laman, mula pa noon hanggang ngayon. Nananatili siyang tinik sa laman, hayan nga't mula sa lahi niya ay lumabas ang mga Arabo, at noon pa ma'y tinik na sila.

545 Ngayon, sa oras na hindi mo sampalatayanan ang payak na Salita ng Diyos at gagawa ng ibang pamamaraan, magiging tinik sa laman mo ito mula sa oras na 'yun. Tanggapin mo kung ano lamang ang sinabi ng Diyos. At kung sinabi Niya Ito, 'yun na talaga ang ibig Niyang sabihin. Oh, purihin ang Kanyang Pangalan! Basta tanggapin mo ang Kanyang Salita.

546 Kahit ano pa ang magtangkang pangunahan ito, sasabihin, "Buweno, hindi naman talaga Ganyan ang ibig sabihin Niyan." Iyan na talaga ang ibig sabihin Niyan, sa tuwing ang Diyos ang mangangako.

547 Ngayon kung papansinin nating mabuti.

> *. . .kay Abraham nga sinabi ang mga pangako at sa kaniyang binhi. . .*

Pansinin ang Binhi, isa lang, at pansinin ang mga pangako. May higit sa isang pangako, at higit sa isang tao ang kabilang sa Binhi ni Abraham. Kita n'yo? May isa ngang Binhi, ngunit maraming tao ang kabilang sa Binhing ito. Kita n'yo? Hindi lang para kay Abraham, o para kay Isaac lang. Kundi hayan nga't. . .Para sa lahat ito ng Binhi ni Abraham. Ipinangako ang mga pangako sa bawat isa at lahat ng indibiduwal na binhi ng Binhing iyon. Nakukuha n'yo ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

548 Kaya nga, tayo, na mga namatay na kay Cristo, sang-ayon sa mga Kasulatan, tinatanggap natin ang Binhi ni Abraham at mga tagapagmana na ayon sa pangako. Hindi sa pamamagitan ng pakikianib sa iglesya, o pagbuo ng mga patay na aral, o—o kung anu-ano pa. Kundi sa pamamagitan ng maipanganak ng Espiritu ni Cristo, tayo nga'y mga Binhi ni Abraham, at mga kasamang tagapagmana Niya sa Kaharian.

549 Hayan nga't dito, basahin, natin, ang kasunod, "Ang Diyos ay nanunumpa." Ngayon sa ika-17 talata ng ika-6 na kabanata.

*Sa ganito sa pagkaibig ng Dios, na maipakitang lalong sagana . . .*

*. . .sa pagkaibig ng Dios, na* maipakitang *lalong sagana sa mga tagapagmana ng pangako ang kawalan ng pagbabago ng kaniyang pasiya, ay* ipinamagitan *ang sumpa;*

550 Oh, dumito muna tayo nang ilang minuto. "Sa pagkaibig ng Diyos." Hindi dahil kinakailangan Niyang gawin, kundi upang magawa nga ito ng may katiyakan.

551 Ngayon, nalaman na nating nagkatawang tao ang Diyos, tumahan sa gitna natin, hayan nga't inihayag Niya ang Sarili Niya sa sanlibutan. Noong masumpungan Niya ang babaing nangangalunya, sabi, "Hindi—Hindi Kita hinahatulan. Humayo ka, huwag ka nang magkasala pa." Noong masumpungan Niya ang mga maysakit, kumilos Siya sa paraan ng pagkilos Niya, sapagkat Siya ang Diyos, at Kanyang—Kanyang pinagaling ang mga maysakit. Kanyang binuhay ang mga patay. Kanyang pinatawad ang mga pagkakasala. Kahit na ano pa ang naging kalagayan nila, at kahit na napakarami nila, at tumalikod na sa pananampalataya, Kanyang pinatawad sila, sa kabila noon, kung gugustuhin lamang nilang lumapit at humingi.

552 Ngayon pansinin n'yo. Kung kumilos noong una ang Diyos sa isang pangyayari, at kung magkakaroon uli ng kaparehas na pangyayari, Siya nga'y kikilos sa pangalawang pagkakataon na gaya ng ginawa Niya noong unang pagkakataon kundi ay hindi Siya matuwid. Kita n'yo? Kahit gaano pang katindi ang inyong pagkakasala, gaano mang kalugmok ang kinahantungan n'yo, Siya nga'y kikilos sa inyo na gaya ng ginawa Niya sa babaing 'yun na nahulog o kung hindi ay mali ang ikinilos Niya noon. Ang pagkilos ng Diyos ang Kanyang Persona, at kung ano Siya sa Kanyang pagkilos ang nagpapahayag ng Kanyang Persona.

553 At ganoon nga rin kayo, ang inyong kinikilos sa buhay, ang magsasabi kung ano kayo. Gaya ng napag-aralan at natalakay natin, mga isa o dalawang pag-aaral na ang nakakaraan, hayan nga't sinasabi ng mga Methodist na, "Kapag nakasigaw ka na, natamo mo na Ito." Sinasabi naman ng Pentecostal, "Kapag nakapagsalita ka na ng iba't ibang wika, natamo mo na Ito." Ang sabi naman ng Shaker, "Kapag nanginig ka na, natamo mo na Ito," sabi nga ng Pennsylvania Shakers. At nalaman nating mali silang lahat. Ang buhay mo ang makapagsasabi Nito. Ang pagkatao mo ang makapagsasabi kung ano ka. Nakikilala ang isang tao sa pamamagitan ng mga gawa niya, at ng kung anuman ang inyong ipinamumuhay.

554 Narinig n'yo na ang lumang kuwento, "Sa sobrang lakas ng sinasabi ng iyong buhay, hindi ko na tuloy marinig ang inyong pananalita." Kaya kung anuman kayo, hayan nga. Ipinakikita

ng buhay na ipinamumuhay n'yo kung anong uri ng espiritu ang nasa inyo.

555 At may pagkakataon namang maaari n'yong gayahin ang maling bagay, o, gayahin ang tamang bagay pala, ibig kong sabihin. Maaari nga kayong gumaya sa isang Cristiano. Subalit darating, din, ang panahong hindi n'yo na 'yan kayang pangatawanan pa, at malalantad kung ano nga ba talaga kayo. Sadyang hanggang dun lang sa kakayanin ng pinakamahinang dugtungan ang buong tibay ng isang tanikala.

556 Noong si Cristo na Anak ng Diyos ay inilagay sa pagsubok, ipinakita nun kung ano Siya talaga. Tunay. Kapag sinusubok kayo, pinatutunayan nun kung ano kayo. Laging ipinaaaninag ng inyong buhay kung ano 'yang nasa loob ninyo. Sa paglipas ng panahon, tiyakin n'yong hindi kayo mabibisto ng dahil sa inyong pagkakasala. At 'yan ang sinisikap nating sabihin.

557 Sinabi ni Jesus, sa San Juan 5:24, "Ang dumirinig," hindi nga sinabing ang nanginginig, ang nagsasalita, ang. . . "Ang dumirinig ng Aking Salita, at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na Walang Hanggan, at hindi na mapapasok sa paghatol; kundi lumipat na sa Buhay mula sa kamatayan."

558 Ganyan nga ang inyong pananampalataya. Hayan nga't ang inyong pananampalataya, na ipinahahayag lang ng inyong mga labi, ay nagkakaroon lang ng kahayagan sa mga nakakarinig, subalit ang inyong buhay ay bukas sa lahat. Kaya, kahit ano pa 'yang gawin n'yong pagsisikap na kumilos ng *ganito* at gawin ang *ganito*, hindi 'yan kailanman uubra. Kinakailangan n'yo ngang taglayin Ito. Iyan nga ang pinakabuod ng buong ito. Ang inyong personal na pagsampalataya sa Cristo na nabuhay na mag-uli, bilang inyong Tagapagligtas; na Siya'y nasa kanan ng Diyos, gumaganap sa lugar n'yo ngayong umaga, habang kayo naman ay gumaganap sa Kanyang lugar dito sa ibaba bilang isang saksi. Ang isang saksi ang gumaganap sa lugar ng ibang tao, tumatayo para sa inyo bilang isang saksi. At habang pinapaaninag ng buhay n'yo sa dako rito ang inyong patotoo kay Cristo, pinapaaninag ito roon at pinapaaninag nga rin dito. At naroroon Siya sa itaas, upang Siya ang kumatawan sa inyo, pinapaaninag sa dako roon at maging dito. Kaya kayo ay. . . Sa pamamagitan ng inyong pananampalataya, kayo ay naligtas, at iyon lamang. Kaya, ang mga sensasyon, mga emosyon, mga damdamin, at kung anu-ano pa, walang lugar ang mga ito Rito. Ngayon, huwag. . .

559 Ngayon, huwag n'yo nawang makuha ito nang mali, na di na ako naniniwala sa mga emosyon. Mainam 'yan. Pero sa ating tinatalakay ngayon, ang sinisikap nating tumimo sa mga tao sa panahong ito, ay hindi mga emosyon. Ginamit nga ng diyablo ang mga bagay na gaya n'yan at kumawala sa piling ng mga

tao, hinimok ang mga taong ibatay nila ang kanilang Walang Hanggang patutunguhan sa isang emosyon. Ang pagsigaw, pagsasalita ng iba't ibang wika, pagdalo sa simbahan tuwing Linggo, pagkilos na gaya ng isang Cristiano, walang magiging halaga ang mga bagay na 'yan sa araw na iyon. "Maliban na ang tao'y ipanganak na muli." At paaninagin ng inyong buhay kung ano talaga kayo sa loob, kita n'yo, hindi sa inyong mga emosyon.

560 Marahil ay may dumadaloy na dugo sa inyong mga kamay, nakapagsasalita kayo ng iba't ibang wika, nakapagpapagaling kayo ng mga maysakit, naililipat n'yo ang mga bundok sa pamamagitan ng inyong pananampalataya, subalit wala pa rin kayong kabuluhan. Unang Mga Taga-Corinto 13. Kita n'yo? Kinakailangan itong maging isang bagay na magaganap sa pamamagitan ng isang Kapanganakang nanggagaling sa Diyos, at ang Diyos ang magdadala ng bagong Kapanganakang ito sa inyo, at ipagkakaloob sa inyo ang isang bahagi ng Kanyang Sarili. Pagkatapos ang mga bagay na 'yan. Kayo ay isa nang bagong nilalang. "Sila'y binibigyan Ko ng Walang Hanggan."

561 Natalakay na natin ang salitang "Walang Hanggan." Ang *magpakailanman* ay "isang espasyo ng panahon." Ang *Walang Hanggan* ay magpakailanman, magpakailan-kailanpaman, heto nga't may isa lamang na Walang Hanggan. At nalaman din nating tumanggap na kayo ng Buhay na Walang Hanggan, at ang salita sa Griyego ay *Zoe*, na ang ibig sabihin ay "Buhay ng Diyos." At nakatanggap na kayo ng bahagi ng Buhay ng Diyos, hayan nga't ginawa kayong espirituwal na anak ng Diyos, at kayo ay sadyang walang hanggan din gaya ng Diyos na walang hanggan. Wala kayong katapusan, walang dakong katapusan, sapagkat wala namang pinagsimulan. Anumang bagay na may pasimula ay may katapusan, at yaong walang pasimula naman ay walang katapusan.

562 Hayan nga't lubos nating iniibig ang pinakamamahal na Salitang iyan! Hayan nga't dapat na maitatag ang Cristiano sa Pananampalatayang ibinigay na minsan sa mga banal, at hindi magpahapay-hapay, dito't doon, at kung saan-saang iglesya makikianib. Alinmang iglesya ang nais n'yong mapabilang ay mainam naman, basta't isa kayong Cristiano. Pero unahin n'yo muna ang pinakaimportanteng bagay, ang Kapanganakang ito na gagawin kayong kamag-anak ng Diyos, gaya ng ang Diyos ay naging inyong kamag-anak.

563 Siya ay naging inyong kamag-anak, upang kayo'y Kanyang mabuhay na mag-uli. Bago nga Niya kayo buhaying mag-uli, kinakailangan Niya kayong pagkalooban ng Buhay na Walang Hanggan. Hayan nga't kinailangang maging kamag-anak natin ang Diyos, upang kunin ang kamatayan, upang maibangon kayo. Kung gayon kinakailangan n'yong maging kamag-anak Niya, nang sa gayon ay mapasama kayo sa pagkabuhay na mag-uli. Nakikita n'yo na po ba? Isang palitan. Ang Diyos ay naging kayo,

upang kayo ay maging ang Diyos. Kita n'yo? Naging bahagi n'yo ang Diyos, sa laman, upang kayo sa Kanyang biyaya ay maging bahagi naman Niya, ganoon lamang iyon, upang magkaroon ng Buhay na Walang Hanggan.

564 Napakagandang larawan talaga nito, at, oh, gustong-gusto natin ito.

> Ngayon, *sa pagkaibig ng Diyos, na maipakitang lalong sagana . . .*

565 Hindi napilitang gawin, kundi sa pagkaibig ay naipakita ng Diyos. Lubos kong ikinagagalak 'yan, kayo rin hindi ba, na sa pagkaibig ay nagawa ng ating Diyos? Masdan. Papaano kung Siya—papaano kung hindi Siya pagpapahinuhod? Ano nga uli ang bunga ng Espiritu? Pag-ibig, kagalakan, pananampalataya, kapayapaan, pagpapahinuhod. Bahagi ito ng Diyos na nasa inyo. At may kakayahan na kayong magtiis, mapagtiisan ang pagdala ng pasanin ng isa't isa. Nakapagpapatawad na ang isa't isa, na gaya ng Diyos na pinatawad kayo dahil kay Cristo. Ang Espiritu ng Diyos na nasa inyo ang gumagawa n'yan sa inyo. Hayan nga't noong ang Diyos ay narito sa lupa at naging kayo, inaring may sala, inako Niya ang inyong kasalanan, at pinasan ito para sa inyo at binayaran ang inyong kaparusahang kaakibat nito. Ang Diyos ay pagpapahinuhod, tiniis na dalhin ang ating mga pasanin.

566 At hayan din at Siya'y isang Diyos na mabuti. Kung may mga nais kayong, mangyari sa paraan na gusto n'yo, alam n'yo, tunay ngang mabuti ang Diyos upang ipagkaloob ito. Gustong-gusto Niya talaga na—na mapasaya kayo. Gusto nga Niya . . . Siya—Siya ay pag-ibig, at itinutulak Siya ng Kanyang dakilang pag-ibig na bumaba magkaminsan, upang ipagkaloob na matamo n'yo ang mga bagay na nais n'yo.

567 Tingnan n'yo si Tomas, pagkatapos nung pagkabuhay na mag-uli. Ayaw manampalataya ni Tomas. Oh, hayan nga't kay rami niyang naging mga supling sa panahon ngayon. Sinabi ni Tomas, "Hindi. Hindi. Kinakailangan ko munang magkaroon ng isang pagpapatunay. Kinakailangan kong mailagay ang mga kamay ko sa Kanyang tagiliran, at sa Kanyang . . . ang mga daliri ko naman ang maidampi ko rito sa Kanyang mga kamay, bago ko Ito paniwalaan. Basta ako, hindi ko pakikinggan anuman ang sabihin n'yo." Kita n'yo, walang-wala talaga siya sa kaayusan ng Kasulatan, noong panahong iyon. Dapat sana'y sampalatayanan n'yo Ito. Pero sabi niya, "Kinakailangan kong magkaroon ng kahit anong pagpapatunay, upang mapatunayan Ito."

568 At nagpakita si Jesus, hayan nga't napakabuti nga Niya, "Halika, Tomas, kung 'yan ang nais mo, buweno, sige. Mapapasaiyo."

569 Hayan nga't ganyan din ang nangyayari sa atin. Sinasabi natin, "Panginoon, kailangan kong makapagsalita ng iba't ibang wika. Kailangan kong—kong makasigaw. Kailangan kong . . . "

570 "Oh, sige lang, ipahihintulot Kong mapasaiyo." Siya'y napakabuti talaga.

571 Kaya idinaiti nito ang kamay sa Kanyang tagiliran, at saka nagsabi, "Oh, Panginoon ko at Diyos ko."

572 Sabi Niya, "Ngayon, Tomas, sumampalataya ka lang buhat nang nakita mo. Subalit gaano ngang higit ang gantimpala nila na walang katunayan at gayunma'y nagsisampalataya Rito!" Hayan nga. Yan ang dapat nating marating. "Gaanong higit ang gantimpala nila na walang nakita subalit sa kabila noon ay nagsisampalataya Rito." Isa itong gawa ng pananampalataya, ang pagtanggap natin Dito.

573 Ngayon, naniniwala ako sa mga tandang nagsisilakip sa mga mananampalataya, ngunit unahin natin ang mga bagay na dapat unahin. Maaari kayong magkaroon ng mga tanda, subalit wala Ito. Sinabi ni Pablo na maaaring magkaroon nga kayo. Sabi niya, "Makapagsalita man ako ng mga wika ng mga tao at ng mga Anghel; wala akong kabuluhan. Mapalipat ko man ang mga bundok sa pamamagitan ng aking pananampalataya; wala akong kabuluhan. Maunawaan ko man ang Biblia, sa paraan na malalaman ko ang lahat ng mga hiwaga ng Diyos; wala akong kabuluhan." Kita n'yo, 'yun ay mga kaloob ng Espiritu Santo, na wala ang Espiritu Santo.

574 Ang Espiritu Santo ay ang Diyos. Ang Diyos ay pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, pagtitiis. Iyan nga ang Espiritu ng Diyos. Iyan ang ibabangon ng Diyos sa huling mga araw, sa pamamagitan ng Espiritu.

575 Ngayon, "Hindi ibig . . . "

> . . . *ang Dios, sa* lalong pagkaibig *na* maipakitang *lalong sagana sa mga tagapagmana* ng *pangako* . . .

> . . . *ang Diyos, sa* lalong pagkaibig . . . *na* maipakita . . . *sa mga tagapagmana* . . .

Sino ang mga tagapagmana? "Tayo, na mga patay na kay Cristo, naging mga Binhi ni Abraham, at mga tagapagmana." Oh, tumagos na ba ito nang mainam? Mga tagapagmana tayo sa Kaharian ng Diyos, sa pamamagitan ng isang pangakong ipinanumpa. Hindi kinailangang manumpa ng Diyos. Sakdal ang Kanyang Salita. Subalit Siya ay nanumpa, na rin, sa Kanyang Sarili, sapagkat wala nang higit pang mataas.

576 Ituloy natin ang pagbasa, pansumandali, pakinggan n'yo.

> . . . ng *pangako ang kawalan ng pagbabago ng kaniyang pasiya, ay ipinamagitan ang sumpa:*

577 "Kawalan ng pagbabago," ang hindi nagbabago. Hindi maaaring magbago ang Diyos. Kinakailangang manatili Siyang siya pa rin. At kung nagpagaling ang Diyos ng isang maysakit, hindi Niya kailanman maaaring baguhin ang Kanyang kilos. Nagpatawad ang Diyos ng isang makasalanan, isang patutot, hindi Niya kailanman maaaring baguhin ang Kanyang kilos. Ang kawalan ng pagbabago, ang di nagbabagong Salita ng Diyos. Sinabi ng Diyos, sa isang dako, "Ako ang Panginoon Na nagpapagaling ng iyong lahat na mga sakit." Kinakailangan Niyang manatili Rito, sapagkat Siya'y walang hanggan. Alam na Niya ang hangganan mula pasimula.

578 Ngayon, masasabi ko, "Gagawin ko ang *ganito*." At ang sabi ng Biblia, dapat nating sabihin, "Kung ipahihintulot ng Panginoon." Hayan nga't, isa akong mortal. Hindi ko alam. Kung minsan nga kailangan kong bawiin ang salita ko, subalit hindi maaaring bawiin ng Diyos ang Kanya. Diyos Siya.

579 At may isang bagay lang Siyang hiniling, "Kung kaya mong manampalataya." Oh, napakaganda! "Kung kaya mong manampalataya, ang lahat ng bagay ay may pangyayari." "Kung kaya mong manampalataya," 'yun lang. "Kayo, kung kaya ninyo," 'yan ang tanong. Ngunit wala ang tanong sa Salita ng Diyos, sapagkat, sa Kanyang kawalan ng pagbabago, hindi Siya maaaring magbago. Napakadakila talaga!

580 Ngayon pakinggan n'yo, habang patuloy tayo sa pagbasa.

> *Upang sa dalawang bagay na di mababago, na diya'y di maaaring ang Dios ay magbulaan,* . . .

Talagang di raw maaari! Ang di maaari at kawalan ng pagbabago ay parehong salita; di nagbabago, di natitinag. Kinakailangan itong manatiling siya pa rin magpakailanman. Hindi maaaring mabago, itong kawalan ng pagbabago at itong di maaari.

> At dalawa, *sa dalawang bagay na di mababago, na diya'y di maaaring ang Dios ay magbulaan,* . . .

"May dalawang bagay tayo rito?" Hayan nga. Una, sinabi ng Kanyang Salita na gagawin Niya ito. Ang ikalawa ay ang ipinanumpa Niyang panunumpa rito, na gagawin Niya ito. Oh, napakaganda!

581 Anong uri ng tao ba dapat tayo? Bakit kailangan pa nating magpahapay-hapay at magpatakbo-takbo kung saan-saan, at kukunin ang mga bagay ng sanlibutan at kikilos na gaya nitong makabagong modelo ng Cristianismo ng 1957? Nais nating maging makalumang modelo na pinanghahawakan ang Diyos sa Kanyang Salita, at tinatawag ang mga bagay na hindi pa hayag, na tila hayag na. "Kung sinabi ng Diyos na ganoon, 'yun na Iyon."

582 Si Abraham, na pinagkalooban ng pangako, sa kanya at sa kanyang Binhi, tinawag niya ang mga bagay na hindi pa hayag, na tila hayag na. Sapagkat, pangako Iyon ng Diyos, at alam niyang hindi maaaring magbulaan ang Diyos. Ipinangako Niya iyon sa kanya, at sinampalatayanan niya Ito. At sa pagdaan ng mga taon, na para bang palayo na nang palayo ang pangako, sa natural na pagtingin, Iyon naman ay papalapit nang papalapit kay Abraham.

583 Sa halip na manghina, at sabihin, "Buweno, baka wala naman talagang Makalangit na pagpapagaling. Nagkamali lang ako sigu-. . .Baka wala naman talagang ganoon. Baka naman nagkamali lang ako ng pagkaunawa rito." Kung ganoon, ipinapakita lang nito ang isang bagay, na hindi ka pa naipanganak na muli. "Sapagkat tungkol . . . "

584 Natalakay na natin ito noong nakaraang Linggo, dito sa bandang unahan ng kabanata. "Sapagkat hindi maaari para sa isang nakalasap nang minsan ng mga kaloob ng Kalangitan at gayong mga bagay, na mahiwalay, muli upang baguhin ang kanyang sarili sa pagsisisi." Walang pasubali, hinding-hindi nga maaari!

> Sapagkat siya na *ipinanganak ng Dios ay hindi* na at hindi maaaring *magkasala, sapagka't* ang *binhi* ng Diyos ay nananahan *sa kaniya: at siya'y hindi maaaring magkasala, . . .*

Ang Binhi ng Diyos ay ang Salita ng Diyos. "Ang pananampalataya ay dumarating sa pakikinig, at pakikinig ng Salita, 'Naihandog na ang Hain. Tapos na Ito.'"

585 Ngayon, kung makagagawa kayo ng mali, pananagutin sa iyo 'yan ng Diyos. Ngunit kung magawa man n'yo, magkamali man kayo, hindi n'yo nga 'yan sinasadyang gawin. Sa ika-10 kabanata, ika-47 talata, sa palagay ko, "Sapagkat kung ating sinasadya ang pagkakasala pagkatapos na ating matanggap ang pagkakilala sa Katotohanan." Subalit pagkatapos mo nang Maipanganak na minsan, taglay mo na ang Katotohanan; hindi ang pagkakilala Nito, kundi tinanggap mo na ang Katotohanan at naging realidad na Ito. At anak ka na ng Diyos, sa panahon at Walang Hanggan. Nanumpa ang Diyos na gagawin Niya ito.

586 Sinabi ni Jesus, "Ang dumirinig sa Aking mga Salita, at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan, at Akin siyang ibabangon sa huling araw. Hindi na siya mapapasok sa Paghatol. Lumipat na siya sa Buhay mula sa kamatayan." Ngayon sa ganyang klaseng panunumpa, "Ibig ng Diyos na matanggap natin Ito."

587 Ngayon masdan n'yo ang sinasabi niya rito, nangungusap si Pablo sa—sa iglesya.

. . . ay *di maaaring ang Dios ay magbulaan, ay* dapat na *mangagkaroon tayo ng isang matibay na kasiglahan, . . .*

Hindi sinabing, "Buweno, kung hindi ako pakikitunguhan ng mga Baptist nang tama, pupunta na lang ako sa mga Methodist." Kita n'yo?

. . . *ay* dapat na *mangagkaroon tayo ng isang matibay na kasiglahan, tayo* na *nangagsitakas na sumakanlong upang mangapit sa pagasang nalalagay sa ating unahan:*

588 Ngayon basahin natin ang pagtatapos nito.

*Na inaring tulad sa sinepete ng kaluluwa, . . .*

Ang *pag-asa,* ang ipinanumpa ng Diyos, *na ating inaring tulad sa sinepete ng kaluluwa, isang pagasa na matibay at matatag, at pumapasok sa nasa loob ng tabing;*

589 Pag-usapan natin pansumandali ang tungkol sa "tabing." Hindi natin gaanong natalakay ito noong nakaraang Linggo ng gabi.

590 "Sa loob ng tabing." Ang tabing ay ang laman. Ang tabing ang pumipigil sa atin na makita ang Diyos, nang mukhaan, sa iglesyang ito. Ang tabing ang pumipigil sa atin para makita ang mga Anghel sa kanilang kinaroroonan ngayong umaga, na nangakatayo sa tabi ng mga upuan. Ang tabing ang pumipigil sa atin na makita Siya. Nakatago tayo sa likuran ng tabing, at ang laman ang tabing na iyon. Mga anak na lalaki at mga anak na babae tayo ng Diyos, nasa Presensya tayo ng Diyos, "Ang mga Anghel ng Diyos ay nakapalibot sa mga nangatatakot sa Kanya." Nasa Presensya tayo ng Diyos, sa tuwina. "Hindi Kita iiwan, ni Aking pababayaan man. Ako'y sumasainyong palagi, hanggang sa katapusan." Subalit may tabing at itong laman iyon, na pumipigil sa atin sa Kanyang Presensya. Subalit sa pamamagitan ng kaluluwa, ang Espiritu, sa pamamagitan ng ating pananampalataya ay nalalaman nating nakamasid Siya sa atin. Nakatayo Siya sa tabi natin. Narito Siya ngayon.

591 Doon sa Dothan, isang umaga, isang matandang propeta ang napaliligiran ng isang hukbo at lumabas ang lingkod niya at ang sabi, "Oh, ama, napaliligiran ang buong bansa ng mga taga-ibang bayan."

592 At tumayo si Elias, at nagsabi, "Aba, anak, ang sumasa atin ay higit kaysa sa sumasa kanila."

593 Buweno, kumurap-kurap ito at nagpalinga-linga sa paligid. Wala naman itong nakita.

594 Sabi niya, "Diyos, idilat Mo nawa ang kayang mga mata, alisin ang tabing." At noong maalis ang tabing na nakatakip sa kanyang mga mata, sa palibot ng matandang propeta ay mga

karo ng apoy, ang kabundukan ay punung-puno ng Apoy dahil sa mga Anghel at mga karong naroon. Hayan na nga.

595 Oh, pagkatapos ay nagwika si Gehazi, "Akin—akin nang nauunawaan ngayon." Kita n'yo, natanggal ang tabing. Hayun nga ang humahadlang.

596 Heto na. Panghawakan n'yo itong maigi. Ang tabing ang humahadlang sa atin na maipamuhay ang dapat sana nating ipinamumuhay. Ang tabing ang humahadlang sa atin na gawin ang mga bagay na gusto talaga nating gawin. At ang Diyos nga'y naroon noon sa tabing ng laman, at nahapak sa dalawa ang tabing na 'yun. At ang Diyos ay naging Diyos muli, at ibinangon Niya ang tabing na pinagkublian Niya ng Kanyang Sarili. Iyan ang pagkabuhay na mag-uli ng Panginoong Jesus. Pinatutunayan sa atin, na sa tabing na ating pinagkukublian ngayon, sinasampalatayanan natin Ito at tinatanggap Ito sa pamamagitan ng pananamapalataya. At kapag nahapak na sa dalawa ang tabing na *ito*, paroroon ako sa Kanyang Presensya na taglay ang katiyakang ito, nalalaman na, "Nakikilala ko Siya sa kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli." Sa Pagparito ng Panginoong Jesus, muling ibabangon ang tabing na ito, sa isang sakdal na paraan, hanggang sa ako'y lalakad at makikipag-usap sa Kanya na aking Tagapagligtas at aking Diyos, sa oras na lumuklok na Siya sa luklukan ni David. At mabubuhay na tayo magpakailanpaman sa tabing na ito matapos itong masakdal, subalit may nakalakip na kasalanan sa tabing na ito ngayon. Hindi mahalaga kung gaano . . . Huwag n'yong iisipin na ang niluwalhating katawang iyon ay sa lupang ito. Kinakailangan itong mamatay, na gaya rin naman ng kaluluwa nating kailangang mamatay, upang maipanganak na muli.

597 Sa kasakdalan, ang pagbabawal ng pagkain ng mga karne, at dapat na gawin ang *ganito*, at dapat masakdal ang katawan, hindi sa ganyang paraan nga mapapasainyo ito. At maging ang kailangan n'yo nang ihinto ang *ganito*, at gawin ang *ganito*, at gawin ang *ganito*, at gawin ang *ganito*, kautusan 'yan. Pagiging legalista 'yan. Hindi tayo naniniwala sa legalistang anyo ng kaligtasan. Sumasampalataya tayo Na sa pamamagitan ng biyaya ay naligtas tayo. At hindi nga sa kakayahan n'yo. Wala kayong anumang ginawa dito. Ang paghirang ng Diyos ang gumagawa nito. "Walang makalalapit sa Akin malibang ilapit siya ng Aking Ama." Siyanga. At Siya nga'y . . . Ang tanging dahilan kung bakit pumarito si Jesus ay para kunin sila na nakilala na ng Ama nang una; at naitalaga na nang una bago pa ang pagkatatag ng sanlibutan upang maging mga anak na lalaki at mga anak na babae ng Diyos. Amen. "Hindi sa tumatakbo, ni sa may ibig, kundi sa Diyos na naaawa." Ang Diyos ang gumagawa nito. Wala kayong maipagmamalaki, man lang. Wala kayong bagay na ginawa para rito. Ang Diyos, sa pamamagitan

ng biyaya, ang nagligtas sa inyo; hindi nang ganang inyo, nang sariling kakayahan. Kung sa ganang inyo, mayroon kayong maipagmamalaki. Ngunit wala nga kayong anumang puwedeng maipagmamalaki. Ang lahat ng mga papuri ay sa Kanya mapupunta. Siya ang gumawa Nito. Hayan nga't ipinagkaloob na Niya sa inyo ang matibay na pag-asa, "Ipinanumpa ang isang panunumpa, na hindi na maaaring mapahamak pa kailanman ang Kanyang mga anak."

598 Ngayon, sila'y nakatatanggap ng palo dahil sa paggawa ng mali. Aanihin n'yo nga ang iyong itinanim. Nauunawaan n'yo. Huwag n'yong iisipin na maaari na kayong lumabas at puwede nang magkasala, tapos makakalusot kayo. Kung ganyan ang iniisip n'yo, at may ganun kayong saloobin, ipinakikita lang n'yan na hindi pa kayo naipanganak na muli. Nakukuha n'yo? Kung may taglay-taglay na pagnanasa pa rin kayo, na gawin ang mali, kung gayon ay nasa kamalian pa rin kayo. Kita n'yo? "Sapagkat Kanyang pinasakdal na, magpakailanman, yaong mga. . .At yaong mga hayop sa ilalim ng Lumang Tipan, sa ilalim ng panahon ng pagiging legalista, inihahandog ang mga 'yun taon-taon, lagi-lagi, pero hindi kailanman makapag-aalis ng kasalanan." Subalit kapag ipinapatong natin ang ating mga kamay sa Kanyang ulo, at ipinahahayag natin ang ating mga pagkakasala at naipanganak na muli ng Espiritu ng Diyos, wala na tayong pagnanasa sa kasalanan. Lumipas na sa inyo ang kasalanan. Sa panahon man at Walang Hanggan.

599 Makagagawa kayo ng mga pagkakamali. Maaari kayong bumagsak. Masasadya n'yo ngang gumawa ng pagkakamali. May mga pagkakataong makapupunta kayo kung saan-saan at makagagawa ng mga bagay-bagay. Hindi ibig sabihin nun na napahamak na kayo. Ang ibig sabihin nun ay magkakaroon kayo ng pagtutuwid.

600 Ang maliit kong anak na lalaki, maraming pagkakataon, na ang mga anak ko, ay nakagagawa ng mga bagay-bagay. At maging ang mga anak n'yo, rin naman. Na inyo ngang. . .Alam nga nilang laban 'yun sa inyong—inyong patakaran. At alam nila kung anong mangyayari sa kanila kapag ginawa nila 'yun. Mapapalo sila, kung minsan pa nga'y napapalakas pa. Subalit anak mo pa rin siya. Ganoon nga.

601 Hindi na nga maaaring mawaglit pa ang taong 'yan, na minsan nang naipanganak sa Buhay na Walang Hanggan. Ang Diyos ay hindi isang Indian na bigay-bawi. "Ang dumirinig ng Aking mga Salita, at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan; at hindi na mapapasok sa Paghatol, kundi lumipat na sa Buhay mula sa kamatayan. Ibabangon Ko siya sa huling mga araw." Iyan nga ang pangako ng Diyos.

602 Ngayon kung sa inyong pagsulong, sasabihin n'yo, "Oh, buweno, kung ganun naman pala'y puwede ko nang gawin . . . " Nagagawa ko nga ang gusto kong gawin. Subalit kung isa kang Cristiano, aayaw ka sa paggawa ng mga bagay na mali, 'pagkat nariyan sa inyo mismo ang Buhay, ang siyang kinasasaligan. Kung ang nais n'yo ay gumawa ng mali, ipinakikita lang nito na yaong maling bagay ang *nariyan*. "Papaanong magbubukal ang mapait at matamis na tubig mula sa isang bukal?"

603 Kaya kung nagugulumihanan kayo, sa kung anong uri ng emosyon o pambihirang bagay, ng sensasyon. Kalimutan n'yo 'yan. Bumaling kayo sa altar at sabihin, "Diyos, alisin Mo po ang dati kong makasalanang buhay, at ilagay mo ako sa isang kalagayan na ang buong pagnanasa ko'y . . . "

"Ang ipinanganak ng Diyos ay hindi nagkakasala." Tama 'yun. Wala siyang pagnanasa na gawin ang gayon.

604 Tunay, sisiluhin siya ng diyablo sa dakong *ito* at sa dakong *iyon,* ngunit hindi 'yun sa pagkaibig. Sinabi ng Biblia ang gayon. Sisiluhin siya ng diyablo, paminsan-minsan. Hayan nga't, gagawin niya. Sinubukan niyang maghagis ng patibong sa ating Panginoong Jesus. Ginawa nga niya kay Moises, at nabitag siya. Ginawa niya kay Pedro, at nabitag siya. Ginawa niya 'yan sa marami, hayan nga't . . . Siya'y ikinaila pa nga ni Pedro, subalit pagkatapos nun ay pumaroon siya at nanangis nang kapait-paitan. May kung anong Bagay sa loob niya.

605 Noong pinakawalan ang kalapati sa daong . . . Pinakawalan din ang uwak, nagpahiyaw-hiyaw pa roon. Nasa loob nga siya ng daong, ngunit noong lumabas siya, iba ang kalikasan niya. Puwede niyang kainin ang lahat ng mga patay na katawan na naisin niya, at mabubusog. Bakit? Isa siyang uwak, sa pasimula pa lang. Isa siyang hayop na nanginginain ng bulok. Walang makikitang kainaman sa kanya. Isa siyang mapagpanggap na naroon sa padapuan kasama nung kalapati, kasinlaki nga rin niya yaong kalapati. Makalilipad-lipad siya saan mang dakong liliparan ng kalapati. Hayan nga't kaya rin niyang kumain ng mabuting pagkain na kinakain nitong kalapati. At pagkatapos maaari siyang kumain ng bulok na pagkain, na hindi kayang kainin ng kalapati. Sapagkat, iba talaga ang kalikasan ng kalapati. Iba ang pagkakalikha sa kanya. Isa siyang kalapati. At hindi kayang tunawin ng kalapati ang bulok na pagkain, dahil wala itong apdo.

606 At ang isang taong naipanganak na ng Espiritu ng Diyos ay isa nang kalapati ng Diyos, ang kalikasan niya, ang pagbabago niya, ang pagkakalikha sa kanya. Siyanga, po. Ilagay mo ang espiritu ng—ng kalapati sa isang uwak, hayan nga't hindi na ito dadapo pa sa isang patay na katawan. Kung mapapadpad siya roon nang hindi sinasadya, tunay na lalayo siya kaagad-agad. Hindi na niya matatagalan iyon. At ang isang tao ngang

naipanganak na ng Espiritu ng Diyos, ay hindi mapagpabaya. Maaaring mapadpad siya sa isang bahay-inuman isang araw, ngunit lalabas siya roon nang dali-dali. Marahil ay aakitin siya ng isang babae, mapapalingon siya nito, subalit ipipihit niyang muli ang kanyang ulo. Aalis siya roon kaagad-agad. Bakit? Isa siyang kalapati. Siyanga. Hindi mo siya madadaya, dahil may pagkilala siya. "Nakikilala ng Aking mga tupa ang Aking Tinig, at sa iba'y hindi sila magsisisunod." Isa siyang kalapati, sa pasimula. Yang bagay na 'yan ang tinutukoy ko, ang tunay na bagay na nakaangkla roon.

607 Masdan nang masinsinan ngayon. "Nanumpa ang Diyos." Oh, hayan nga't . . .

> *Na ating inaring tulad sa sinepete ng kaluluwa, isang pagasa na . . . matatag, at pumapasok sa—sa* siyang *tabing;*

608 "Ang tabing." Bumaba ang Diyos, na nakatabing ng laman. Upang gawin ang ano? Upang ipakita ang Kanyang Sarili. Kinailangan Niyang magkubli, dahil kung hindi ay hindi natin Siya makikita. At nagkubli Siya sa likod ng tabing. At Sino ang tabing? Si Jesus. "Hindi Ako ang gumagawa ng mga gawa, ang Aking Ama," sabi ni Jesus. "Ang Aking Ama ay tumatahan sa Akin. Ako'y gumagawa. Gumagawa ang Ama, at ngayon Ako'y gumagawa." Heto Siya bilang Yaong natatabingan, lumalakad sa anyong laman, ang Diyos, Emmanuel, ang Diyos na sumasa atin. "Ang Diyos kay Cristo, pinakipagkasundo ang sanlibutan sa Kanya rin." Heto Siya, naglalakad.

609 Ngayon, bumaba Siya at gumawa ng paglilinis, o panustos, o kabayaran, upang sa pamamagitan ng kamatayang handog Niya, mabayaran ang halaga ng kasalanan, upang makabalik Siya at manahan sa atin. Hayan nga't ang pananampalatayang nasa atin ay isang—ay isang pananampalatayang nakatabing, o isang tao na nakatabing. Kaya naman huwag nating tingnan ang mga bagay na nakikita natin sa tabing na ito. Ang tabing ay nalalakipan ng mga edukasyon, at nakagagawa ito ng mga bagay-bagay at nakapagsasalita ng mga bagay-bagay. Saklaw ito ng siyensiya. Subalit ang Espiritu ng buhay na Diyos na tumatahan dito, ay tinatawag ang mga bagay na di hayag, na tila ba hayag na, gaya ng pagkakasabi ng Diyos. Hayan nga ang inyong tabing. Tayo'y nasa loob ng tabing.

610 Ngayon, darating ang araw na ibabangon Niya ang tabing na ito, nang di na iniluluwal ng isang babae sa pamamagitan ng pagnanasang seksuwal ng isang lalaki at isang babae, kundi sa pamamagitan na ng kalooban ng Diyos Siya'y magsasalita at magkakaroon sa tao ng kaganapan. [Pinalagitik ni Kapatid na Branham ang kanyang daliri—Pat.] Magkakaroon na nga tayo nitong katawang gaya nitong Kanya Mismong maluwalhating

katawan. Tayo'y matatabingan, upang makapagusap-usap tayo sa isa't isa, magawa nating makamayan ang isa't isa.

611 Ngayon, sa paglisan natin dito, may isang tabernakulo, isang theophany, sa wangis ng tao, na hindi kumakain, hindi umiinom, hindi natutulog, gising magpakailanman. Doon tayo patutungo. Subalit naghihintay sila sa ilalim ng Dambana, umiiyak, "Panginoon, hanggang kailan? Hanggang kailan?" makababalik. Dahil, nais na nilang makipagkamay sa isa't isa. Nais nilang maupo at kumain, at magusap-usap. Mga tao sila. Purihin ang Pangalan ng Panginoon!

612 Noong nilikha ng Diyos ang tao sa Sarili Niyang larawan sa pasimula, ginawa Niya ang tao na gayon. Nakisalamuha Siya sa bawat isa, sapagkat kilala natin ang isa't isa. Gustong-gusto natin ng mga bagay na ginawa sa atin ng Diyos, sapagkat ginawa tayong ganoon. Sa Kanyang dakilang Pagparito, yaong mga nakahanda ay magiging gayon magpakailanman. Hindi na mamamatay, tatayo tayo sa Kanyang wangis. Oh purihin ang Pangalang iyon ni Cristo!

613 At ngayon taglay-taglay na natin ang patotoo ng ating kaligtasan, sa pagtanggap natin sa Kanya bilang ating sariling Tagapagligtas, bilang ating Tagapagpagaling. Ang lahat ng ito'y mga benepisyo, o, mga dibidendo na binayaran na sa naturang insurance. Amen. Alam n'yo po ba sa insurance. Maari n'yong makuha 'yung mga dibidendo hanggang maabot n'yo 'yung kabuuang halaga nito. Ganoon nga. Maaari kayong makatanggap ng dibidendo. At tumatanggap na tayo ng mga dibidendo ngayon. Ang maganda pa nito, dito, pagkatanggap natin ng mga dibidendo, patuloy sa paglago ang benepisyo.

614 Isang ahente ng insurance, minsan, ang sabi sa akin, "Billy, gusto kitang alukin ng insurance."

Sabi ko, "Mayroon na ako n'yan." Napalingon sa akin ang asawa ko.

615 Ngayon, hindi ko naman minamasama ang insurance. Pero may mga taong "nag-aalangang kumuha ng insurance." Kaya, napalingon sila. Sabi nung ahente . . .

616 Napatingin sa akin 'yung asawa ko, may halong pagtataka, "Mayroon kang insurance?"

617 Sabi ko, "Siyempre naman." Hindi niya alam 'yung tinutukoy ko.

618 Sabi nung ahente, "Buweno, Billy, ano 'yang insurance na mayroon ka?"

619 Sabi ko:

Pinagpalang katiyakan, si Jesus ang tangan!
Oh, damang-dama ngayon pa lamang Banal na kaluwalhatian!
Tagapagmana ng kaligtasan, sa Diyos mayroon nang katubusan.
Sa Kanyang Espiritu ay isinilang, sa Kanyang Dugo ay hinugasan.

620 Sabi niya, "Napakainam n'yan, Billy," sabi niya, "kaso hindi ka n'yan mailalagay rito sa libingan."

621 Sabi ko, "Pero mailalabas naman ako Nito. Iyon ang mahalaga." Hindi ko inaalala ang pagpunta roon; inaalala ko ang paglabas doon.

622 At ngayong taglay ko na ang katiyakan, sa pamamagitan ng ipinanumpa ng Diyos ng Walang Hanggan, na maibabangon Niya akong muli sa larawan ng Kanyang Anak, sa huling araw, lalakad akong may tapang at may kaaliwan at may angkla ang kaluluwa, na, habang narito ako sa tabing na ito ay may isang Bagay na hindi nakikita na nag-angkla sa akin sa Bato ng kapanahunan sa dakong iyon. Dumaluyong man at humampas man ang alon, hindi matitinag. Maging kamatayan, panganib, o anupamang bagay, hindi na tayo maihihiwalay sa pag-ibig ng Diyos. Nakakapit ang aking angkla sa loob ng tabing. Hayaan n'yong tumaas ang mga baha. Hayaan n'yo siyang rumagasa. Hayaan n'yong sumalakay ang mga walang kinikilalang Diyos. Ang mananampalatayang naipanganak nang muli ay mayroong angkla. Hindi n'yo pa makikita sa pamamagitan ng tabing na ito. Subalit alam kong nakakapit ang aking angkla sa dakong iyon sa Bato ng kapanahunan, Na may pangakong ipinanumpa na Kanyang ibabangon ako sa huling araw.

623 Kaya naman pala nagagawa n'yo nang tingnan nang harap-harapan ang kamatayan, at sasabihin, "Saan naroon ang iyong tibo? Libingan, saan naroon ang iyong pagtatagumpay? Datapuwat salamat sa Diyos Na nagbibigay sa atin ng pagtatagumpay sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesus Cristo."

Na gaya *ng Pangunahin . . .*

Oh, kay ganda! Mukhang hindi tayo aabot sa hinanda kong aralin.

*Na gaya ng Pangunahin . . . dahil sa atin*

624 Isa ngang pangunahin. Napansin n'yo ba noong unang mga panahon sa kanluran (Maraming beses na nga akong napadpad noon sa mga lumang-lumang daan doon.), may pangunahin, o una silang pinadadala? Kapag halos mamatay na sa uhaw ang buong karawan, dahil sa kakulangan ng tubig, may una silang pinadadala upang galugarin ang lugar. At makikita niya roon ang mga tribo ng Indian; lalampasan niya 'yun. At matutunton niya ang isang dako kung saan may isang bukal ng tubig. Dali-

dali siya ngayong babalik para sabihin sa pinuno ng karawan, "Patakbuhin n'yong matulin ang mga kabayo, ang lahat ay magpakatapang, dahil doon lang sa ibabaw ng bundok ay may malaking bukal ng tubig." Yan ang ginagawa ng pangunahin.

625 At dito, ang Pangunahin. Nasukol tayo minsan ng diyablo, sa sunod-sunod na pagratatat, ngunit may Isang sumamsam sa puwesto ng machine gun. Si Jesus. Nariyan sa unahan natin ang Pangunahin. At nakatayo roon si Satanas hawak ang isang machine gun, hindi tayo makakilos, laging nasa pagkaalipin at natatakot sa kamatayan. Binabantayan niya ang Bukal na iyon. Hayan nga't, binabantayan niya. Inatasan siyang gawin 'yan, sapagkat nagkasala tayo at naitaboy palayo Roon. Subalit ang Pangunahin, si Cristo, ay dumating at sinamsam ang puwesto.

626 Narinig n'yo na ang lumang awiting, "Bantayan n'yo ang kuta, Ako'y darating na"? Bantayan pa ba ang kuta, hindi na; samsamin na natin ito. Hindi na natin kailangang patagalin pa. Sinamsam na ni Cristo ang kuta. Hallelujah! Bukas na ang pintuan. "May Bukal na nakabukas sa sambahayan ng Diyos, sa bayan ni David, para luminis, para sa ikalilinis ng marumi." Nakapasok na para sa atin ang ating Pangunahin.

627 Ang Pangunahin, ang sabi Niya sa atin, "May isang lugar, sa isang ibayo, na wala na tayong pagtanda." Kung saan wala ng mga kulubot, kung saan hindi n'yo na kailangang gumamit pa nitong Max Factor's para maging kalugod-lugod masdan ng inyong asawang lalaki. Nauna na roon ang Pangunahin. Isang dako 'yun kung saan hindi na kayo tatanda at mapapagod at manghihina. Isang dako 'yun kung saan hindi na kayo magkakasakit. Kung saan ang sanggol ay hindi na mauusog. Kung saan hindi na kayo malalagasan ng pustiso, o, ngipin, at pagkatapos ay magpapapustiso. Hallelujah! Oh purihin ang Kanyang Pangalan! Pumasok Siya, at makatatayo na tayo nang di na mamamatay sa Kanyang wangis, balang araw sa ibayong iyon. Dadaigin nila ang liwanag ng mga bituwin at araw. Tunay nga. Nauna na sa atin ang Pangunahin doon.

> . . .*ang pangunahin ay* nauna na, hayan nga't *pumasok dahil sa atin, si Jesus, na naging dakilang saserdote magpakailan man ayon sa pagkasaserdote ni Melquisedec.*

628 Ang dakilang Pangunahin ay nauna na sa atin, gumawa ng daan. Nagbuhat Siya sa Espiritu, ang dakilang mga bukal ng bahaghari ng Diyos, Na walang pasimula at katapusan. Siya ay, magpakailanman, Diyos.

Lumabas dun ang isang sinag ng Liwanag. Isa 'yung sinag ng pag-ibig, 'yun ang pinakauna, pula. Ang sumunod na kulay, asul; asul, katapatan. Pagkatapos, sumunod na 'yung iba pang mga kulay, pitong sakdal na mga kulay, ang pitong Espiritu ng Diyos, lumabas ang mga 'yun mula sa dakilang Bukal na iyon o

sa dakilang Brilyanteng iyon na tinukoy ni Jesus. Tinapyasan ang dakilang Brilyanteng iyon, upang mapaaninag ang mga kulay. Ang Diyos ay nagkatawang-tao at tumahan sa gitna natin, upang Kanyang mapaaninag ang Kanyang kabutihan at kaawaan sa gitna natin, sa pamamagitan ng mga kaloob at mga tanda at mga kababalaghan.

Ang napakalaking bahagharing 'yun ay naging theophany, ginawa sa larawan na wangis ng tao. Gayunman, hindi pa Siya isang tao; wala pa Siyang laman, diyan. Siya ay theophany.

629 Sinabi ni Moises, "Nais Kitang makita." Ikinubli siya ng Diyos sa bato.

630 At pagdaan Niya, ipinasilip Niya ang Kanyang likod. Sabi ni Moises, "Para baga Itong likod ng isang tao."

631 Pagkatapos nun anong nangyari? Isang araw sa dako roon, nung nakaupo si Abraham sa kanyang tolda. Tatalakayin natin 'yan, mamayang gabi. Noong nakaupo si Abraham sa kanyang tolda, bumisita ang Diyos sa kanya, sa isang katawang laman.

"Oh," sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham, siya ay . . . "

632 Hayan nga't bago 'yan kinatagpo Niya si Abraham, ayon sa pagkasaserdote ni Melquisedec, sa isang katawang laman, na Diyos. Ganoon, nga. Siya ay Diyos sa laman.

633 Sasabihin n'yo, "Kung ganun, Kapatid na Branham, bakit kinailangan pa Niyang bumalik at maipanganak?"

634 Hindi siya naipanganak diyan. Nilikha lamang Niya, itong isang katawang tinahanan Niya. Si Melquisedec ang Hari ng Salem, ang Hari ng Jerusalem, na Hari ng kapayapaan; walang ama o ina, pasimula ng mga araw o katapusan man ng buhay.

Si Jesus ay may ama't ina, at maging pasimula man ng mga araw at katapusan ng buhay. Subalit Siya ay ginawa "ayon sa pagkasaserdote" ni Melquisedec, na walang pasimula ng mga araw o katapusan ng buhay.

635 Si Melquisedec ay ang Diyos Mismo. Si Melquisedec ay ang Diyos na Jehovah, Yaon ngang sumalubong kay Abraham, mga taon ang nagdaan, sa harapan ng kanyang tolda. Nakatalikod Siya noon; sabi Niya, "Bakit tumawa si Sarah?" Ganoon nga. Siya Yaong tumayo roong, nakatanaw sa gawi ng Sodoma. Nakilala Siya ni Abraham, sapagkat sa loob ng tabing niya ay may isang angklang nakakapit sa pangakong iyon. Hindi dahil sa may naramdaman siyang kung anong sensasyon doon, kundi dahil may pangako sa kanya ang Diyos. At noong mapalapit siya sa dakilang magnet na iyon, natalos nga niyang Ito ay naroon sa laman na iyon.

636 Lumabas kasama ni Abraham, para makapag-usap nang kaunti. Sinabi Niya kay Abraham. Sabi, "Dangang nalalaman 'yan, Akin pa bang ililihim ang mga bagay na ito kay Abraham, samantalang siya ang tagapagmana ng sanlibutan? Hindi Ko

nga 'yan magagawa." Kaya, "Abraham, sasabihin Ko sa iyo kung ano ang nakatakda Kong gawin," itutuloy po natin ang pagtalakay nito mamayang gabi, "doon sa Sodoma," at kung anu-ano pang mangyayari roon. At pagkatapos na pagpalain Niya si Abraham, bumalik na Siyang muli sa kalawakan. Isa ngang tao ang nakatayo roon at punung-puno ng alikabok ang Kanyang kasuotan, isa ngang Tao. At hindi lang 'yun, kumain din Siya ng karne ng guya na kinatay ni Abraham, at uminom ng gatas na mula sa baka, at kumain ng ilang tinapay, (ilang pan de mais), at may mantikilya pa sa ibabaw. Ganoon na nga ang nangyari. At pagkatapos ay bumalik na muli sa theophany.

637 Ano iyon? Bakit hindi pa Niya kinuha ang tibo noon? Hindi pa kasi Siya naisisilang na gaya n'yo at ako. Hayan nga't kinailangan Niyang maisilang sa laman, upang makuha Niya ang tibo. Isa 'yung nilikhang katawan. Isa 'yung katawan kung saan dumakot lang Siya ng calcium at potash mula sa lupa, at nagsalita, "Whew," at pumasok doon. Ganoon si Melquisedec. Pumasok Siya roon, sa isang katawan upang makalapit Siya sa harapan ng tao habang nasa ilalim ng tabing, ng isang tabing na Siya Mismo ang naglikha; hindi ng isang tabing ng paglikha ng isang babae, sa pamamagitan ng sinapupunan ng babae, sa pamamagitan ng isang—isang selula, hindi nga. Subalit nilikha Niya ito at pumasok dito, at nangusap, ayon sa pagkasaserdote ni Melquisedec.

638 Sino ang Melquisedec na ito?

> *Sapagka't itong si Melquisedec, hari sa Salem,* (na sa makatuwid ay Jerusalem), prinsipe *ng Kataastaasang Dios,* (siyanga), *na siyang sumalubong kay Abraham sa pagbabalik na galing sa paglipol sa mga hari, at siya'y pinagpala niya;*
>
> *Na siya namang* binahagihan *ni Abraham ng ikasangpung bahagi ng lahat; na kung sasaysayin una-una siya'y Hari ng katuwiran,* (ang dakilang pag-ibig na iyon, ang dakilang Espiritung iyon sa pasimula). . . *Hari ng katuwiran,. . .saka. . .Hari naman sa Salem, na sa makatuwid, ay* ang *Hari ng kapayapaan;*
>
> *Na walang ama, walang ina, walang tandaan ng lahi, at walang pasimula ng mga araw,* o katapusan *ng buhay man;. . .*

639 Sino ito? Hindi Siya naipanganak, hindi Siya mamamatay kailanman. Sino ito? Ang Diyos nga, tunay, siyanga, umaanino sa Panginoong Jesus. Siya nga. Subalit kinailangan Niyang dumating sa pamamagitan ng isang babae, gaya n'yo rin na dumating dito sa pamamagitan ng isang babae. Kinailangan Niyang dumating sa paraan ng pagdating ninyo, upang madala kayo pabalik sa Kanya. Hallelujah!

Kamangha-manghang biyaya, napakasarap sa tainga,
Na ang tulad kong bulag kapus-palad, ligtas kahit di karapat-dapat!
Ligaw man ako noon sa daan, subalit sa Kanyang biyaya, ako'y natagpuan,
Dating pinid ang mga mata, subalit ngayon ay nakakakita na.

640 Nauunawaan ko na ngayon kung ano ang Kanyang ginawa. Ang Diyos ay naging ako, upang ako sa Kanyang biyaya ay maging Siya. Kinuha Niya ang mga pagkakasala ko, upang sa pamamagitan ng Kanyang katuwiran ay magkaroon ako ng Buhay na Walang Hanggan. Hindi nga ako maaaring mamili sa ganang akin. Ang kalikasan ko ay isang makasalanan. Wala akong nagawa roon. Ako ay "naipanganak na makasanlibutan, inanyuan sa kasamaan, dumating sa sanlibutan na nagsasalita ng mga kasinungalingan." Ni walang pagkakataon, wala nga; wala talaga, ni walang pagkukusa.

641 Sabihin n'yo sa baboy na siya ay "mali, sa pagngudngod niya sa kaning-baboy," sige nga? Tingnan n'yo kung makikinig siya sa inyo. Sabihin n'yo sa isang uwak na siya ay "mali, sa pagkain niya ng nabubulok na bangkay," at tingnan n'yo kung anong sasabihin n'yan sa inyo. Kung makapagsasalita lang 'yan sasabihin, "Pakialaman mo ang sarili mong buhay." Siyanga.

642 Oh, subalit sa biyaya ng Diyos ay binago ang kalikasang ito, at binigyan ako ng pagkakataong magkaroon ng pagnanais at pananabik at kauhawan, "Ang Iyong kagandahang-loob, ay mainam kaysa buhay, Oh Diyos. Ang puso ko'y nananabik sa Iyo."

643 Sinabi ni David, "Kung papaanong humihingal ang usa sa pagkauhaw sa tubig ng mga batis, gayon nauuhaw ang kaluluwa ko sa pagkasabik sa Iyo, Oh Diyos."

644 Ibinigay ng Diyos sa tao ang pagkauhaw na iyon, upang sambahin Siya, mahalin, hanapin Siya. Subalit binaluktot ito ng tao sa pamamagitan ng pakikinig sa tawag ng diyablo, at ang tao'y lumakad na may pagnanasa sa mga kababaihan at mga layaw at mga bagay ng mundo, sinusubukang punan ang banal na nilikhang iyon na inilagay roon ng Diyos, na dapat sana'y minamahal Siya. Inilalagak ito ng tao sa mga bagay ng sanlibutan. Ngunit, kapatid, kapag ang taong ito'y binago na, at ang bukal na iyon na pinamumugaran ng mga kiti-kiti, at lahat ng uri ng—ng kawalang kaayusan ng balon, ay nilinis at inisterilisa, at ang purong Tubig ng Diyos ay inilagak sa loob nito, hindi na ito kailanman mahihipo pa ng kasalanan. Amen.

Oh lubos ko Siyang sinisinta! Lubos ko Siyang sinasamba!
Aking Buhay, aking ligaya, aking lahat-lahat!

Ang dakilang Manlilikha ay naging aking Tagapagligtas,
At ang Diyos sa buong kapuspusan ay sa Kanya nga'y nanahan.

Nanaog mula sa Kanyang kaluwalhatian, isang kasaysayang di mapaglulumaan,
Ang Diyos ko at Tagapagligtas ay naparito, at ang Pangalan Niya ay Jesucristo.
Isinilang doon sa sabsaban, sa sariling bayan Siya'y naging isang dayuhan,
Ang Diyos ng kapanglawan, ng mga luha't pagdaramdam.

Oh lubos ko Siyang sinisinta! Lubos ko Siyang sinasamba!
Aking hininga, aking ligaya, aking lahat-lahat!

645 Oh Diyos! Papaano Niya nakayanang gawin ito? Sinubok na ng taong isulat ito. May nagsabi noon:

Kung ang lahat ng mga dagat ay pupunuin ng tintang panulat,
At bawat tangkay sa sankalupaan ay gawin mang panulat ng kapahayagan;
Ang buong kalangitan naman ay yaong papel na paglalamnan,
At ang bawat tao'y atasan man na pagsulat lamang ang pagtuunan,
Ang isulat yaring pagmamahal ng wala nang hihigit pang Maykapal.

Hayan nga't ang dakilang Diyos ng Langit ay naging laman at kinuha ang aking mga kasalanan!

Ang isulat yaring pagmamahal ng wala nang hihigit pang Maykapal
Ay makapagpapatuyong mainam nitong buong sangkatubigan;
Ni hindi kayang doon isulat sa balumbon ang lahat-lahat,
Kahit pa banatin iunat ang buong sansinukob sa hustong sukat.

646 At upang bigyan ang mga tagapagmana ng kaligtasang ito ng tiyak na pag-asa, ipinanumpa Niya sa Kanyang Sarili na Kanyang ibabangon tayo sa huling mga araw, pagkakalooban tayo ng Buhay na Walang Hanggan. "At walang makakaagaw sa kanila sa Kanyang kamay." Amen.

Manalangin tayo.

647 Nagkasala ba kayo ng pagtanggi sa Kanyang pag-ibig? Lumayo ba kayo sa Kanyang banal na Katauhan, sa nag-iisang

dakilang Siya na lumikha sa inyo kung ano kayo? At ngayong narito kayo, ngayong umaga, sa puntong ito ng buhay n'yong tinatahak, kayo'y binibigyan ng isang pagkakataon. Nais n'yo bang magpatuloy sa buhay? May nag-iisang paraan lang para magpatuloy sa buhay, 'yun ay sumampalataya sa Panginoong Jesus. Kung kayo, mula sa inyong puso, ay mananampalataya na Siya ang Anak ng Diyos at tatanggapin Siya bilang inyong Tagapagligtas, at mananampalatayang ibinangon Siya ng Diyos para sa inyong pag-aaring ganap, kung ibig n'yong tanggapin Siya sa batayang iyan, mapapasa inyo na ito ngayon.

648 Maaari n'yo bang itaas ang inyong kamay? Kung kayo'y isang kaluluwang hindi pa nakapagsisi, na nais na magsisi sa umagang ito, sabihin n'yo, "Alalahanin mo ako, kapatid, na mangangaral, sa pagtungo natin sa pananalangin. Ako man ay nabigo. Nakianib ako sa iglesya, subalit hindi ko—alam ko—hindi ko pa kailanman natatamo 'yang sinasabi mo. Hindi pa ako naipanganak ng Espiritu, Kapatid na Branham. Wala pa talaga—wala pa talaga Ito sa akin, ganoon na nga po. Ninanais kong ipanalangin mo ako, na ipagkaloob Ito sa akin ng Diyos sa umagang ito." Pagpalain ka ng Diyos, ginoo. Mayroon pa bang iba? Magsasabi, "Diyos, gawin Mo ako kung ano man ang nais Mong gawin sa akin. Nais kong Ikaw ay maging. . .Nais kong maging kung ano man ang nais Mo sa akin. Tinanggihan ko noon ang Iyong pag-ibig." Pagpalain ka ng Diyos, iho.

649 Umawit tayo pansumandali.

> If we with ink the ocean fill,
> And were the sky of parchment made;
> Were every stalk on earth a quill,
> And every man a scribe by trade;
> To write the love of God above
> Would drain the ocean dry;
> Or could the scroll contain the whole,
> Though stretched from sky to sky.
>
> Oh, love of God, how rich and pure!
> How fathomless and strong!
> It shall forevermore endure,
> The saints and Angels song.

650 Minamahal naming Diyos, tunay na ang makatang sumulat ng mga salitang ito ay gaya lamang ng maraming iba Mo pang mananampalataya, na naghahanap, nagsisikap na makahanap ng mga salita upang maipahayag ito. Gaya nga ng nasusulat sa Biblia, "Bukod dito, sapagkat ang mangangaral ay pantas, siya'y sumiyasat at umayos ng maraming kawikaan." Oh, gustung-gusto nga naming magkaroon nitong kawikaan at ng ganoong bokabularyo nang sa gayo'y maipaliwanag namin sa mga tao kung ano ba talaga ito, subalit hindi ito masumpungan sa mga labing mortal. Ang buong Walang Hanggan, alam kong hindi

sapat ang aking labi upang ipaliwanag, ang dakilang pagparito ng Diyos ng Langit sa lupa upang iligtas ang hamak, naliligaw, at abang mga makasalanan.

651 Dalangin ko sa Iyo, Ama, na sa pamamagitan ng mga ilang salitang sasapat, o salita kong hindi sapat sa umagang ito, gaya ng sinabi ko, nawa'y may ilang makasumpong ng kapayapaan at kasiyahan at isang matibay na kaaliwan, makatagpo na ng mapagkakanlungan. At umangkla nawa ang kanilang kaluluwa sa pangakong 'yan na ipinanumpa ng Diyos, na Kanya ngang ibabangon sila sa huling araw. May ilang nagsitaas ng kamay, sa loob ng gusali, sa tabernakulong ito. Diyos, ipagkaloob Mo po sa kanila ang matatag na pag-asang iyon, sa mga sandaling ito. Nawa'y umangkla sila sa Bato ng kapanahunan. Gaano mang katindi ang pagsiklot ng dagat at ang maliliit nilang bangka ay umalog nang taas-baba, mayroon silang angkla, ang pangako ng Diyos. Mananatili sila roon, "Sinabi na Ito ng Diyos. Hindi Siya maaaring magsinungaling."

652 "Ang dumirinig ng Aking mga Salita," na sinikap kong maipangaral ngayong umaga, "at sumampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, si Jehovah, ay may Buhay na walang hanggan; at hindi na mapapasok sa paghatol, kundi lumipat na sa Buhay mula sa kamatayan."

653 Oh Nag-iisang Walang Hanggan, pagpalain Mo po sila sa mga oras na ito. At ang bawat tao na narito ngayon na hindi pa nakapasailalim sa Dugo, hindi pa napagbabagong-loob ang kanilang kaluluwa, nawa'y magkaroon na ito ng kaganapan sa mga oras na ito, Panginoon. Ikaw ang nagpapangyari nitong hiwaga. Ikaw ang may hawak Nito. Nakalagak na Ito sa Iyo. Dalangin kong ipagkakaloob Mo ito sa kanila, ang Buhay na Walang Hanggan. Nawa, balang araw, doon sa kabilang ibayo, habang isa-isa naming tinatahak ang libis, magkatagpo-tagpo nawa kami roon kung saan hindi na sila "magpapaalam" pa.

> Darating ang isang panahon na sa ilog tayo'y hahantong,
> Isang dakilang araw na hindi na tayo mapapanglaw;
> May isa roong maghihintay na siyang sa daan ay gagabay,
> Sa pagtawid ko sa Jordan ay hindi na ako mag-iisa.
>
> There'll be One, somebody waiting that'll show me the way,
> I won't have to cross Jordan . . .

654 Ang lahat ng nagtataglay ng pag-asang iyon, itaas n'yo ang inyong kamay ngayon habang itinataas n'yo ang inyong ulo.

> I won't have . . .

Ngayon sambahin natin Siya. Tapos na ang mensahe. Hindi ba't napakasaya ninyo sa oras na ito? Ipinanumpa ng Diyos na hindi na Niya. . .Ipinanumpa ng Diyos na kakatagpuin Niya kayo sa dakong iyon.

> Jesus died all my sins to atone;
> When the darkness I. . .

Anong masasabi n'yo? Wala na ang tibo.

> He will be waiting for me,
> I won't have to cross Jordan alone.
>
> Times I'm forsaken, and weary. . .

Sambahin n'yo lamang Siya ngayon.

> Seems that my friends have all gone;

Humantong na ba kayo sa gayong kalagayan?

> But there's one thought that cheers me.

Ano ang pangako?

> Makes my heart glad,
> I won't have to cross Jordan. . .

655 Ngayon, mga anak ng pangako, sambahin n'yo lamang Siya dahil sa Kanyang ginawa.

> I won't have to cross Jordan alone,
> Jesus died all my sins to atone;

Ano nang mangyayari?

> When the darkness I see, He will be waiting for me,
> I won't have to cross Jordan alone.

"Pagsapit ko sa ilog. . ." Sasapit din ang bawat isa sa inyo. May malaki't, madilim na aninong tatambad sa harapan n'yo. Isa 'yung napakalaking pintuan. Papasok kayo roon, isa sa mga araw na ito, baka bago matapos ang araw na ito, baka bago matapos ang gawain sa simbahan ngayong umaga. Papasok na kayo roon. Sa bawat pagtibok ng puso n'yo, papalapit na kayo nang papalapit doon.

> Subalit kung masilayan ko na ang kadiliman,
> Siya sa dakong iyon ay sa aki'y mag-aabang,

Sinabi Niyang mag-aabang Siya roon. Ipinanumpa Niyang maghihintay Siya roon.

> Then I won't have to cross Jordan alone.

656 Oh Banal na Panginoon, punung-puno nga ang aming mga puso, ngayong umaga, at nag-uumapaw pa nga.

657 Iniisip kong kapag tumigil na ang pulso, at dinidiinan na ng nars ang unang hinihigan ng inyong ulo. At ang mga kamay n'yo, ay di n'yo na maigalaw pa. Ang inyong mga kamay ay nagmistula nang yelo. Ang inyong mga anak, ang inyong ina, ang inyong mga

mahal sa buhay ay nagsisihiyawan na at nagsisipag-hagulgulan na. Bubukas ang malaking pintuang iyon, sa dako roon. Siya ay naghihintay.

658 Sinabi ni David, "Kung gawin ko ang aking higaan sa Sheol, ikaw ay nandoon." Hindi ko ito tatawirin nang mag-isa. Kapag ang tilamsik ng ilog ay sumasaboy sa ating mukha, kukunin ng Diyos ang bangkang pansagip, gagabayan tayo sa pagtawid doon. Ipinangako Niyang gagawin Niya iyon. Sinabi ng propetang David, "Oo, bagaman ako'y lumakad sa libis ng lilim ng kamatayan, wala akong katatakutang kasamaan. Ikaw ay sumasa akin. Ang Iyong pamalo at ang Iyong tungkod, ay nagsisialiw sa akin."

659 Panginoon, lubos po naming ikinagagalak sa mga sandaling ito, na kami'y naibilang na tagapagmana ng pangako. Ngayon ay taglay-taglay na namin sa aming kaloob-looban ang Buhay na Walang Hanggan, sapagkat iniibig namin ang Panginoong Jesus at sumampalataya sa Kanya, at tinanggap ang Kanyang Salita at ang Kanyang aral. Hayan nga't ipinagkaloob na Niya sa amin, bilang tatak ng aming pananampalataya, ang Espiritu Santo, ang tatak ng Espiritu Santo. Ang pananampalatayang narito sa loob namin ay nakaangklang mainam. At bagama't makailang beses man kaming lumalakad sa madidilim na mga anino, maraming pagkakataong natitisod kami sa daan, hayan nga't matatag pa rin ang pagkakapit ng aming angkla. May bagay rito, sa dako roon, na tila ba patuloy na gumagabay, nagsasabi, "Magpatuloy ka. Makalalampas din tayo."

660 Diyos, pagpalain Mo po kami. Kailangan Ka po namin. Panatilihin Mo kaming tunay na matapat at totoo hanggang sa oras na dumating Ka na para sa amin, papupurihan Ka namin hanggang sa walang katapusang mga panahon. At sa araw na iyon sa pagtayo namin sa lupa . . . Ang Kanyang mga Banal na paa'y hindi pa n'yan nakatuntong sa lupa. Hayun nga Siyang nakatayo roon, sa alapaap; at ang mga banal at tinubos mula sa lahat ng kapanahunan, sa bawat pagbabantay, ang una, ang ikalawa, ang ikatlo, ang ikaapat, ang ikalima, ang ikaanim, at ang ikapito, ay nakatayong lahat doon na nadaramtan ng Kanyang katuwiran; puputungan namin Siya bilang Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon, at aawitin yaong mga kuwento ng kaligtasan. Ang mga aba naming puso ay magsisipangatog habang tumitingin kami sa Kanya Na siyang umibig sa amin at nag-alay ng Kanyang Sarili para sa amin. Kahit na noong kami'y hindi kaibig-ibig at kami'y makasalanan, namatay si Cristo upang kami'y maligtas. Pinasasalamatan Ka po namin para rito, Ama, sa Pangalan ni Cristo. Amen.

661 Iniibig n'yo ba Siya? Oh, totoong-totoo nga Siya. Hindi ba't para bang may pagnanais sa loob n'yong mayakap Siya? Hindi ba't para bang gusto n'yong gumapang papalapit at hipuin ang Kanyang paanan, ganoon po?

662 Alam n'yo, mayroon dating ilang mga dumadalo sa mga gawain ko sa Phoenix, Arizona, ang sabi, "Nais kong sabihin ang saloobin ko sa Kanya. Nais ko ngang sabihin, 'Panginoon, inibig Mo ako noong ang landas ko'y naging napakadilim.'" Sadyang nais ko ngang sabihin ang saloobin ko sa Kanya bago kami tumawid sa kabilang ibayo. Nais ko—nais ko nga Siyang makita. Sadyang nais ko—ko—ko nga Siyang makita. Hindi ko nga lubos maisip kung ano ang madarama ko, kung anong pagtibok ang gagawin ng aba kong puso sa oras na makita ko na Siyang nakatayo roon.

663 Madalas kong iniisip, "Sana'y narinig ko noon ang Tinig na 'yun na nagsabi, 'Magsiparito kayo sa Akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha. Kayo'y Aking papagpapahingahin.'"

664 Hindi ko na 'yun marahil maririnig pa nang aktuwal gaya nung sabihin Niya 'yun noon, subalit nais ko Siyang marinig na magsabing, "Ito na ang huling araw. Tagumpay, mabuti at tapat Kong alipin, pumasok ka sa kagalakan ng Panginoon na inihanda para sa iyo." Mula pa kailan?

665 "Mula ba nung maligtas ka?" Hindi kapatid.

666 "Mula pa nang maitatag ang sanlibutan, noong Aking makita ka at Aking makilala ka, at maitalaga ka sa Buhay na Walang Hanggan," pinagpala ka na noon pa man. "Ang lahat niyaong mga nang una pa'y Kanya nang nakilala, ay Kanyang tinawag." Tama po ba 'yun? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] "Ang lahat ng Kanyang tinawag, ay Kanya namang inaring-ganap. Ang Kanyang mga inaring-ganap, ay Kanya nang niluwalhati." Hayan nga. Nakilala Niya na tayo noong una pa, tinawag tayo, inaring-ganap tayo, at niluwalhati na tayong kasama Niya, sa wakas ng sanlibutan, patungo sa ating gantimpala. Hindi ba kayo n'yan nagagalak? ["Amen."] Tunay nga, mamahalin n'yo nga Siya dahil diyan. Sa panahon ngang hindi n'yo matulungan ang inyong sarili, heto Siyang dumarating at tapos nang magawa 'yan para sa inyo.

667 *Blest Be The Tie That Binds*, Kapatid na babaing Gertie. "Ng ating mga puso sa pag-ibig na Cristiano," habang tayo'y nagkakatipun-tipon ngayon sa pagsamba sa mga oras na ito, patungo na tayo sa pananalangin para sa mga maysakit. Pagpalain kayo ng Diyos. Sa inyo na mga nagtaas ng inyong mga kamay kay Cristo sa umagang ito, may dako para sa inyo na mapagsasambahan, paglingkuran n'yo Siya.

668 Ngayon, atin nga Siyang sambahin nang lubos sa mga oras na ito, bilang isang kongregasyon, lahat ng mga Methodist, church of God, Assemblies of God, Presbyterian, Lutheran, Katoliko. Sama-sama tayo ngayon, umawit tayo ngayon.

Blest be the tie that binds
Our hearts in Christian love;
The fellowship of kindred mind
Is like to that Above.

Before our Father's throne,
We pour our ardent prayer;
Our fears, our hope, our aims, are one,
Our comfort and our care.

When we asunder part,
It gives us inward pain;
But we shall still be joined in . . .

Ilan ang Methodist dito, mga Baptist, at iba pa?

And hope to meet again.

669 Hindi ba't napakabuti talaga nang naidulot nito sa inyo? Bumaling po tayo sa ating mga katabi at kamayan ang isa't isa ngayon, habang inaawit natin itong muli.

Before . . .

Makipagkamay po kayo, sa mga nasa likuran n'yo, harapan n'yo, sa mga katabi n'yo.

. . . throne,
We pour our ardent prayer;
Our comforts and our care.

Now when we asunder part,

Mahal na mahal nga natin ang isa't isa.

It gives . . .

Kung puwede lang sanang magpatuloy pa ang gawain? Kita n'yo? Yan nga ang iniisip natin sa tuwina.

. . . inward pain;
But we shall still be joined in heart (maging isa),
And hope to meet again.

Kung magtatapos na ang oras sa dako rito, sa dakilang Araw na iyon ay magkikita tayo.

670 Ngayon, Ama, tanggapin Mo po ang aming pagsamba sa umagang ito. Kunin Mo ang Salita at itanim Ito sa puso ng mga mananampalataya. Huwag nawa silang magpahapay-hapay na lang, na ngayon ay matatag pero kinabukasan ay lugmok na, bagkus masumpungan nawa ng mga Salitang ito ang kanilang dakong pahingahan sa puso ng bawat mananampalataya. Hayan nga't nalaman namin, na, "Nanumpa ang Diyos sa pamamagitan ng isang panunumpa, at may dalawang bagay na di magbabago. Hindi nga nagbabago ang Diyos, hayan nga't, di Siya maaaring magbulaan, nang sa gayon magkaroon ang mga tagapagmana ng kaligtasan ng matibay na pag-asa, matatag at tiyak, isang naka-angklang sinepete ng kaluluwa." Nalalaman po namin,

na, "Ipinangako sa amin ng Diyos, sa pamamagitan ng isang panunumpa. Una, hinding-hindi Niya magagawang magbulaan; pangalawa, nanumpa Siya ng isang panunumpa sa ikatitibay nun, na ibabangon Niya kami sa huling araw at pagkakalooban kami ng Buhay na Walang Hanggan." Hayan nga't nalaman din namin, na, "Pagkatapos na kami'y matawag, sinabi Niyang nakilala na Niya kami bago pa man maitatag ang sanlibutan, at itinalaga na kami nang una sa pagkukupkop na tulad sa mga anak sa pamamagitan ni Jesus Cristo. At nakilala na Niya kami nang una pa. Tinawag Niya kami. At noong tinawag Niya kami, kami'y inaring ganap Niya naman." Hindi namin maaaring ariing-ganap ang aming mga sarili, kaya inaring ganap Niya kami sa pamamagitan ng kamatayan ng sarili Niyang Anak. "Ang mga inaring-ganap Niya, ay Kanya nang niluwalhati." Ito ang binigkas ng Salita. At nasa aming mga daan na kami, naglalakbay, nagagalak sa aming pagtahak sa daan sa Kaluwalhatian.

671 Iyo pong pagkalooban ng pananampalataya ang mga tao, at nawa ang mga maliliit nilang gawi at masasamang hilig na pasabit-sabit pa rin sa kanila, nawa'y makawala na sila sa mga 'yan, sa umagang ito, sa pamamagitan nitong Salita ng Diyos na siyang angkla ng kaluluwa, matatag at matibay. Nawa'y makawala na po sila mula sa kanilang mga gawi, at pagka-mainitin ng ulo. At ang mga bagay-bagay sa nakaraan. . . Gaya ng sinabi ni Pablo, sa bandang hulihang bahagi ng mensaheng tatalakayin namin sa darating na ilan pang mga araw, "Itabi namang walang liwag ang bawat pasan, at ang ang kasalanang pumipigil sa atin, upang ating takbuhing may pagtitiis ang takbuhing inilagay sa harapan natin; na masdan natin ang gumawa at sumakdal ng ating pananampalataya, si Jesus Cristo, Na tinukso sa lahat ng paraan na gaya rin naman natin, gayon ma'y hindi nagkasala." Pinahintulutan Siyang tuksuhin, subalit hindi Siya nagpaayon sa tukso. At kami'y tinutukso rin upang magkasala, hayan nga't hindi dapat kami magpaayon. Sapagkat ang Buhay na nasa amin ay yaong angkla ng Walang Hanggan naming hantungan, at pinanghahawakan na namin ito nang sagrado sa aming puso.

672 Ngayon, napakarami pong pinahihirapan si Satanas ng mga karamdaman. Kami po'y nakahanda nang manalangin para sa kanila, Ama. Nawa sila, sa pagdaan nila sa ilalim ng Salita ng Diyos ngayong araw na ito. . . Ang napakahalagang Salitang iyon ay naipangaral, ang Biblia ay nagpapatotoo, ang Mga Anghel ng Diyos ay nakatayo sa malapit, at ang dakilang Espiritu Santo, higit sa lahat, ay nakatayo rito upang sumaksi sa Salita. Ngayon, Ama, sa pagdaan nila sa ilalim ng Salita ng pangako, sa umagang ito, humayo nawa sila mula rito na may kagalingan na. Na matanggal na nila ang kanilang mga bakal, na iwan na nila ang mga silyang de gulong at—at mga higaan

na pinaghihimlayan nila, at sila'y magsipag-galingan na nang tuluyan. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon. Sa pagbalik nila sa susunod na gawain na inilaan para sa kanila na makadalo, o sa kani-kanilang mga iglesya, nawa'y magalak silang mainam, ipinakikita ang mga dakilang bagay na ginawa ni Cristo. Ito nga'y aming ipinaglilingkod para sa Iyong ikaluluwalhati, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

673 Kailangan kong humingi ng paumanhin para sa isang pangakong naipangako ko, na ngayong umaga ay matatalakay na natin dapat ang ika-7 kabanata, pero hindi na ako umabot doon. Hayan nga't kinakailangan nating maglaan ng kaunting panahon ngayon para—para rito, para sa mga pumila para sa panalangin. At ngayon, mamayang gabi, kung loloobin ng Panginoon, tatalakayin natin ang ika-7 kabanata, at aalamin natin kung Sino itong si Melquisedec. Ilan ba ang may gustong makaalam nito? Oh, patutungo na tayo mismo sa pagtalakay sa Kanya, at aalamin kung Sino ba Siyang talaga. At nariyan ang Kasulatan para magsabi kung Sino nga ba Siya. Kita n'yo?

674 At sinabi ni Scofield na isa raw 'yung "pagkasaserdote." Papaanong magiging pagkasaserdote 'yun, samantalang wala naman 'yung pasimula o katapusan? Kita n'yo, hindi 'yun isang pagkasaserdote. Ito'y isang Tao, Melquisedec (isang Pangalan), isang Tao.

675 Gaya ng, hindi naman sa pagbababa, hayan nga't sinasabi ng Christian Science na ang Espiritu Santo raw ay "isang kaisipan." At ang sinasabi naman ng Biblia, "Siya, ang Espiritu Santo." At ang *Siya*, ay isang panghalip panao. Isa itong Katauhan; hindi isang kaisipan. Isa itong Katauhan. Walang pasubali.

676 Si Melquisedec ay isang Tao, isang Tao Na walang pasimula ng mga araw o katapusan ng mga taon. Wala Siyang ama ni ina man, at tandaan ng lahi. At malalaman natin kung Sino Siya, kung loloobin ng Panginoon, mamayang gabi, sa pamamagitan ng Salita. Gusto n'yo ba Iyon? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Oh! "Ang Iyong Salita ay ilawan sa aking landas at sa aking paa." Oh!

677 Ngayon, sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham, hindi ko Ito lubos na maunawaan." Ako rin naman.

678 Ngunit, minsan, nung mangaral ako roon sa Kentucky. At may ilang mga bagong dalo, at mga Katoliko at iba't iba pa, na maaaring hindi nauunawaan itong malalalim, at mayayamang mga bagay ng Kasulatan. Nangangaral ako noon tungkol sa Makalangit na pagpapagaling. Isang dalagita ang lumapit at may dalang. . . Wala pa siyang labinlimang taong gulang, dala-dala niya ang isang munting sanggol, at inaatake ng biglaang panginginig ang sanggol. Sabi ko, "Anong problema, kapatid, sa iyong sanggol?"

679 Sabi, “Bigla na lang ho siyang nangingisay.” Hindi niya malaman kung paano sasabihin, na inaatake ng panginginig. Hindi niya alam ang itatawag dito.

680 Ang dalagitang ’yun siguro’y hindi pa nakararanas na magsuot ng pares ng sapatos, sa tanang buhay niya. Pero kaibig-ibig sa kanyang asawa, nakalugay ang mahaba niyang buhok. Sabi ko, “Sumasampalataya ka ba?”

681 At ’yung mga mumunting, nangingislap niyang abong mga mata’y tumingin sa akin. Sabi niya, “Opo, ginoo. Tunay hong sumasampalataya ako.”

682 Kinuha ko ang munting sanggol. At nung ipinapanalangin ko ’yung sanggol, tumigil na siya sa panginginig. Uh-huh. At tumigil na ’yun, tumigil na.

683 Nung sumunod na araw, nangaso ako ng squirrel, doon sa gilid ng bundok. Narinig ko ang ilang kalalakihang nakaupo roon na nag-uusap, habang humuhugong ang lumang lagari. At pumunta ako roon para sumilip. Galing ako nun sa pangangaso ng squirrel. Pinag-uusapan nila ako, habang nagkukumpulan sila roon, panguya-nguya pa ng tabako at dinudura ’yun sa gilid. Nagkalat ang pinagnguyaan, kung saan-saan. At pinag-uusapan naman nila, ngayon, ’yung tungkol sa pagtitipon nung isang gabi. Sabi nung isa sa kanila, “Nakita ko ’yung sanggol na ’yun. Dumaan kasi ako roon, kaninang umaga. Hindi na ’yun nanginginig pa, mula kaninang umaga.” Kita n’yo? Sabi, “Tunay ngang talaga.” At padura-dura siya sa gilid.

684 At may mga mahahaba silang baril na nakasandal sa may punongkahoy, kaya naisip kong mabuti na sigurong magpakita ako. Alam n’yo, may mga hidwaan sila sa lugar, na ’yun. Kaya, lumapit ako. Sabi ko, “Magandang umaga, mga kapatid.”

685 Yung malaking mama dun, mukhang tuluy-tuloy pa rin sa pagkukuwento, subo-subo ang isang tabako sa kanyang bibig, nang *paganito*, nakausli ’yun sa gilid ng bibig nang *paganito*, at malaki’t, mahaba ang leeg. At may suot-suot siyang malaking lumang sumbrero, na nakapababa nang paganito sa kanyang mukha. Nagpalinga-linga siya at nakita ako. Napahawak siya sa kanyang sumbrero, at mabilis na tinanggal ’yun, tapos. . . [Lumunok si Kapatid na Branham—Pat.] Nilunok ’yung nguya-nguyang tabako, sabi, “Magandang umaga po, pastor.” Kita n’yo? Siyanga, po. Paggalang. At ganoon nga po ang nangyari. Kung paano niya kalilimutan ’yun, hindi ko alam, pero mukhang ayos lang naman siya.

686 Tapos, nung sumunod na gabi, nakauwi na ako noon, may isang lalaki roon na gustong makipag-diskusyunan sa akin nang kaunti. Dumadalo siya sa isang iglesyang di naniniwala sa Makalangit na pagpapagaling. Yung, iglesyang Methodist dito, sa may White Hill, Kentucky. Hayan nga’t kanya—kanya pang sinadya ako. . .Nakatayo siya sa labas. May bitbit-bitbit

siyang ilawan sa kanyang kamay. At sabi niya, “May gusto akong sabihin, mangangaral. Sadyang hindi ko talaga kayang tanggapin Iyan, ’pagkat hindi ko naman Ito nakikita.”

687 Sabi ko, “Hindi mo Ito makita?”

688 Sabi niya, “Hindi.” Sabi, “Ako nga rin ay may sakit, din naman. Pero,” sabi, “sadyang hindi ko Ito makita.”

Sabi ko, “Saan ka nakatira?”

Sabi niya, “Doon sa Big Renox.”

Sabi ko, “Buweno, papaano ka uuwi?”

Sabi niya, “Buweno, maglalakad ako pauwi.”

Sabi ko, “Nakikita mo ba ang daan pauwi?”

Sabi niya, “Hindi, ginoo.”

Sabi ko, “Napakadilim ngayon, maulap.”

Sabi niya, “Oo nga.”

Sabi ko, “Papaano ka ngayon n’yan uuwi?”

Sabi niya, “Gamit ang ilawang ito.”

Sabi ko, “Hindi naman kayang tanglawan ng ilawan ’yung buong daan hanggang sa bahay mo.” Sabi ko, “Paano ka n’yan makakauwi?”

Sabi niya, “Oh, lalakad ako bitbit-bitbit ang ilawang ito.”

689 Sabi ko, “Natumbok mo. Hayan nga’t may tanglaw ka nang nanggagaling sa ilawang ito ngayon, at sa tuwing hahakbang ka sa gawi *rito*, patuloy na magbibigay tanglaw sa dinaraanan mo ang ilaw na ’yan. Kung tuluy-tuloy ka lang sa paglakad, patuloy ka ring sasamahan ng ilaw.”

690 At gawin n’yo ito ngayong umaga, naisin n’yo si Cristo, ang kamangha-manghang Dakilang Saserdote, ang Tagapamagitan para sa inyong mga sakit, o sa inyong mga karamdaman, o sa inyong kaluluwa. Maaaring hindi n’yo nga Ito maunawaan. Kami man ay hindi rin. Ngunit inutusan tayong “Lumakad sa Liwanag kung papaanong Siya ay nasa Liwanag.” Humakbang kayo nang isang beses sa Liwanag. At kung kasama n’yo ang Liwanag, ang Liwanag ang tatanglaw hanggang sa sakdal na araw. Mananatili itong tanglaw sa landas na nilalakaran n’yo.

At tayo’y maglalakad sa dakilang lumang lansangan,
Hinahayag ko pumaroon man ako kung saan,
Na mas nanaisin ko pang ako’y maging isang makalumang Cristiano, Panginoon,
Kaysa anupamang bagay na aking nalalaman.

Narinig n’yo na ba ang lumang awiting ’yun?

Ang isang makalumang Cristiano'y di mapaparisan,
Cristianong pag-ibig ang sa lahat ay laan;
Tayo'y naglalakad sa dakilang lumang lansangan,
At hinahayag ko pumaroon man ako kung saan,
Na mas nanaisin ko pang ako'y maging isang makalumang Cristiano, Panginoon,
Kaysa anupamang bagay na aking nalalaman.

691 Talagang gustong-gusto ko ito. Sige. Ngayon mananalangin na tayo para sa mga maysakit. Hindi natin. . .Hindi natin inaangkin na may kakayahan tayong magpagaling ng mga may sakit. Kung ganyan ang sinasabi natin, mali ang sinasabi natin. Ang bawat maysakit dito ay magaling na. Ganoon ang sabi ng Kasulatan. "Sa Kanyang mga latay ay nagsigaling tayo." Tama po ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

692 Bawat makasalanang narito ngayon, kung mayroon pa riyan kahit isa, iniligtas na nga kayo noong mamatay si Jesus. Subalit huwag n'yong hayaang ikamatay n'yo na lang ito samantalang inilatag na ang pagkakataon sa harapan n'yo, na makalapit sa Kanyang Presensya at tanggapin Ito. Ginawa na Ito. Sa mismong oras na ito'y dapat n'yo na Itong tanggapin. Kung palalampasin n'yo lang ang Dugo, kung gayon ay tapos na kayo't . . . Nahatulan na, sapagkat hahatulan kayo sa paraan ng pagtrato n'yo sa Pagtutubos ng Panginoong Jesus Cristo. Kita n'yo? Inyong. . . inyong nahatulan ang sarili dahil sa sariling kagagawan.

693 "Hayan nga't Siya ay nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, at sa Kanyang mga latay ay nagsigaling tayo." Kaya, wala akong anumang kakayahan, para pagalingin kayo. Walang anumang kakayahan ang iglesya, para pagalingin kayo. Ang tanging bagay na maipananalangin natin ay ito, na di nawa mabigo ang inyong pananampalataya, na makalalapit kayo sa altar ngayong umaga upang tanggapin si Cristo bilang inyong Tagapagpagaling, gaya ng ginawa n'yo noong tanggapin ang inyong Tagapagligtas. At wala nang anupamang. . .Ang Diyos ang gumagawa ng mga himala. Nagpapamalas Siya ng mga dakilang tanda. Ang mga bulag, mga bingi, mga pipi, lahat, ay nagsisigaling dito mismo sa tabernakulo. Ngunit kung mangyari man o hindi, tinatanggap pa rin natin Ito, sa kabila ng lahat. Maraming pagkakataong ang mga bagay na iyon ay sa pamamagitan ng mga pangitain.

694 Ilan ang narito mga tatlong Linggo na ang nakararaan, o apat, noong pinalapit dito 'yung lalaki, bulag na paralisado pa, hayan nga't nakaupo sa isang silyang de gulong na wala na 'yung pinakaugat niya para makapanatili ng balanse? At bago ako umalis ng bahay noon, nakita ko na siya sa isang pangitain, "Na may palalapiting isang lalaki roon, itim ang buhok, na

nag-uuban na. Magandang babae ang kanyang maybahay, mga nasa sisenta na. Lalapit ang babaing ito at hahagulgol," at mangungusap siya sa akin. "Na bumalik at ipanalangin ang kanyang asawa." Naupo siya riyan noon.

695 At lumapit ako. Sinabi ko sa ilang kapatiran dito, "Masdan n'yo ito."

696 At noong bumaba kami sa altar, nanalangin na ang iba. Noong bumaba na ako para manalangin, lumakad ako sa gawi roon at bumalik sa banda rito. At tumayo ang maybahay niya at lumapit nang eksaktong-eksakto sa paraan ng pagkakasabi ng Panginoon na magaganap iyon. Nakamasid ang mga tao, upang saksihan kung mangyayari ito nang ganoon. Hindi iyon nabigo. At hayan nga't nakalalakad na siya . . .

697 Nalaman ko pagkatapos, na isang lalaki, si Dr. Ackerman, na taga-roon sa Birdseye, Indiana, ang nagpapunta sa kanya rito; isa siyang Katoliko, at ang anak niyang lalaki ay isang pari sa monasteryo roon sa Saint Meinrad. At si Dr. Ackerman ay isang kasamahan ko sa pangangaso, at siya ang nagpapunta nung lalaki rito. At ipinakita na sa akin bago pa ng Panginoon ang isang lalaking itim ang buhok na magpapapunta sa kanya, subalit hindi ko noon alam kung sino iyon.

698 Sabi ko, "Si Dr. Ackerman ba 'yun?"

699 Sabi niya, "Siya nga." Kita n'yo? At pagkatapos 'yung lalaki . . .

700 Sabi ko, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON." Bumaba ako. Sabi ko, "Ginoo, tumayo ka." Bulag siya at hindi rin . . . siya . . . Wala—wala na kasi 'yung pinakaugat niya para makapanatili ng balanse. Hindi niya kayang itayo ang kanyang sarili nang paganoon. Kita n'yo? Ganoon ang kalagayan niya nang maraming taon, pabalik-balik na sa Mayos at sa kung saan-saan pa. At nanalangin nga ako ng isang panalangin para sa kanya, at itinayo siya. Hayan na nga, nakapaglakad na siya nang tuluy-tuloy.

701 Bago 'yun sinabi niya, "Hindi kita makita." Pagkatapos ay sumigaw siya, "Oo. Nakikita na kita." Naimulat niya ang mga mata niya nung mga oras na 'yun. Isa siyang orthodox, ang maybahay naman niya ay Presbyterian.

702 Iniisip ng ibang tao na "Hindi sumisigaw ang Presbyterian, at Orthodox." Narinig n'yo sana sila. Hayan nga. Sumigaw sila at nagyakapan sa isa't isa. Bumaling at kinuha ang kanyang silyang de gulong, at lumakad palabas at pababa ng hagdan, na tulad ng sinumang tao, nakakakita at nakakapagsalita na at—at kay inam na talaga.

703 Nakatanggap ako ng liham galing sa kanya, o isang tawag, noong isang araw. Sa pagkakaalam ko, sinadya siya ni Kapatid na Cox. Sabi, "Pakiramdam daw niya'y sinisilaban 'yung mga

mata niya." Ganoon talaga. Yung ugat 'yun, 'yung mga ugat niya sa mata'y tumutubo na at nanunumbalik na, alam n'yo, at napalitan na 'yung nakalagay roong sumpa. Nawala na nang tuluyan 'yung sumpa.

704 Kung hahayaan n'yo lang ang natural sa sarili nitong kalagayan, 'yung bang walang hahadlang sa natural, ito'y—ito'y gagana nang maayos. Kung tatalian ka sa palibot ng braso mo, mapipigilan ang daloy ng dugo, at tuluyang mamamatay ang kamay mo. Ngayon, hayan nga't, ang natural, maayos kung hahayaan mo itong walang tali. Subalit may humadlang dun sa natural. Kung ganoon, kung hindi n'yo ito makita, hindi rin ito kayang tukuyin ng sinumang doktor. Dalawang bagay lang kasi ang puwede niyang pagbasehan: kung ano ang nakikita niya, kung ano ang nararamdaman niya. Yan lang talaga ang maaari niyang pagbasehan: kung ano nga ang nakikita niya at kung ano ang nararamdaman niya.

705 Kung hindi niya makita 'yun, ibig sabihin kinakailangang maging espirituwal. Pagkatapos n'yan, isang bagay lang, isang bagay lang ang maaaring mangyari; mananalangin tayo, aalisin ni Cristo ang sumpa, palalayasin ang diyablo, at magsisimula na 'yung maging normal, magaling na. Gagaling nga, at 'yun na 'yun. "Mangagpapalabas sila ng mga demonyo sa Aking Pangalan." Tama po ba? Pangako ito sa iglesya. Isang pangako ng kapangyarihan. Ano po ito? Ito, ito ang Presensya Niya na sumasaatin. Ngayon, ang humahadlang lang sa atin sa pagiging sakdal ngayong umaga, na magawa ang mga bagay na 'yan kung papaanong ginawa Niya ito noon, ay hayan nga't nasa tabing pa rin kasi tayo. Kita n'yo? Subalit tayo'y may isang nasa loob natin na nagsasabi sa atin, "Oh, siyanga." Kita n'yo?

706 At kung tatanggapin n'yo na ang inyong kagalingan, kahit na ano pang sabihin ng tabing, ang mahalaga ay 'yung sinasabi ng Salita. Kita n'yo? Ganun nga. Ganun nga 'yun. At ang—ang—ang Salita ay laging nangingibabaw sa anupamang bagay. Ang Walang Hanggang Salita ng Diyos!

707 Tingnan n'yo si Sarah, patay na 'yung sinapupunan niya, nobenta anyos na, namuhay kasama ng asawa niya mula pa noong mga labing-anim o labimpitong gulang pa lang siya, walang mga anak; si Abraham, siyento anyos na. Kumilos ang Diyos at pinagkalooban sila ng sanggol. Kita n'yo? Sapagkat, sumampalataya sila. Tinawag nila yaong mga bagay na hindi pa hayag, na tila ba hayag na. Pumasok nga kayo sa daang 'yan ngayong umaga, kaibigan.

708 At mamayang gabi, inaasahan namin. . .Kung ang inyong pagparito ay isang pagbisita sa amin, ikinagagalak po naming makasama kayo sa dakong ito ngayong umaga. At sumainyo nawa ang Diyos. At kung titigil naman po kayo rito sa bayan hanggang mamayang gabi, ikagagalak naming makasama uli

kayo mamayang gabi sa nalalabing gawain mamaya, tungkol kay Melquisedec. At kung hindi naman, at may simba po kayo sa inyo, dumalo lang po kayo sa inyong iglesya. Diyan—diyan po kasi ang nakaatang ninyong tungkulin. Kung kabilang kayo sa isang iglesya, dumalo lang po kayo roon. Dito naman po sa maliit na tabernakulo rito'y nagkakatipun-tipon lang tayo para magkaroon ng pagbubuklod sa isa't isa. Ngayon, pagpalain nawa kayo ng Panginoon.

709 At tutugtugan tayo ni Kapatid na babaing Gertie ng, *The Great Physician Now Is Near*. At mayroon bang narito ngayon na ating ipapanalangin? Itaas ang inyong kamay, 'yung may ibig na lumapit sa pila para sa pananalangin, upang mailagak n'yo ang pananampalataya n'yo kay Cristo. Sige po. Pumila lang po kayo sa gilid na *ito* ng simbahan, kung maaari. At siguro'y pakiusog na lang nung mga upuan nang kaunti, kapatid, kung maaari, para lumuwag-luwag tayo nang kaunti sa banda riyan at makapila nang maayos ang mga tao. Dumako lang po kayo sa gilid na *ito*.

710 At mananalangin na tayo ngayon, habang umaawit tayo. At hihilingin ko sa mga matatanda sa iglesya rito, ng anumang denominasyon o iglesya, anuman 'yan, kung naniniwala kayo sa Makalangit na pagpapagaling, maaari po ba kayong tumayo rito kasama ko sa entablado, upang manalangin para sa mga maysakit? Ikagagalak naming makasama kayo. Kahit anong denominasyon, o wala mang denominasyon, o anuman kayo, ikagagalak naming makasama kayo ngayon. Maaari po bang pumarito kayo ngayon, para sa pananalangin? Pumanhik po kayo rito at tumayong kasama ko.

Kapatid na Neville, maaari mo nang dalhin ang langis.

*Ang Aklat Ng Mga Hebreo*

Ang labing-isang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham na orihinal na ipinangaral sa Ingles mula Agosto 21 hanggang Setyembre 22, 1957, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice Of God Recordings.

TAGALOG

©2016 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org